


ANG IKATLONG TATAK

 Magandang gabi, mga kaibigan. Tayo ay tumayo ngayon sandali lamang para sa panalangin. Iyukod natin ang ating mga ulo.

² Ama Naming Makalangit, habang naririnig namin iyang—iyang magandang himig, aming—iniisip namin, Panginoon, sa . . . na Ikaw ay malapit. At idinadalangin namin na tanggapin Mo kami sa gabing ito, Panginoon, bilang Iyong mga anak, na pinatatawad ang lahat ng aming mga kasalanan at mga pagsalangsang, at pagbibigay sa amin ng Iyong mga pagpapala, sapagka't kami ay mga taong nangangailan.

³ At sa dakilang oras na ito na kinabubuhayan namin ngayon, at nakikita namin, taun-taon, na ito'y padilim nang padilim pa, sa mundo. At ang Pagdating ng Panginoon lumiliwanag nang lumiliwanag pa, habang inihahayag Niya ang Kaniyang Sarili sa . . . sa Kaniyang Salita at sa Kaniyang pagpapahayag. Kami ay dumating muli, ngayong gabi, Panginoon, upang subukan, sa pagkakatipong ito, at upang ipanalangin sa Iyo na buksan sa amin, Panginoon, itong Ikatlong Tatak ng Aklat na ito, na ito nawa ay mahayag sa amin, upang mabatid namin kung ano ang gagawin namin at kung paano mamuhay, at kung paano maging higit na mabuting mga Cristiano.

⁴ Idinadalangin ko, Diyos, na gawin Mo ang bawat di-Cristiano rito, ngayong gabi, na mapagtanto ang pangangailangan nila sa Iyo. Ipagkaloob ito. At ako—idinadalangin ko, Amang Makalangit, na mapagtanto ng bawat ipinanganak na muling Cristiano na kailangan niyang mabuhay ng mas malapit pa kaysa noong ipinamuhay niya sa nagdaan, upang kaming lahat ay umabot sa pagkakaisang iyan ng Cristianong pag-ibig at pananampalataya.

⁵ Ipagkaloob Mo na bawat may karamdamang tao sa kalagitnaan namin ay gumaling ngayong gabi, Panginoon. Napagtanto nila ang pangangailangan nila sa Iyo. At idinadalangin ko, Ama, na pagpalain Mo ang lahat ng bagay na nagawa o nabigkas, sa Iyong karangalan at kaluwalhatian, sa Pangalan ni Jesus aming hinihiling iyan. Amen.

⁶ Buweno, muli, ngayong gabi, tayo'y nagkatipong sama-sama muli para rito, ang—ang Miyerkules ng gabi ng sanlinggo. At tayo ay nagtitiwala sa Panginoon, ngayong gabi, para sa isang— isang dakilang pagbubuhos ng mga biyaya Niya sa Kaniyang Salita. At ngayong araw na ito ako ay nag-aaral, tulad ng dati, at sinisikap na mag-isip ng mga bagay na mas magiging angkop na sabihin, at ang bagay, kung paano sabihin ito, at pagkatapos ay nagtitiwala sa Panginoon upang ibigay sa akin

ang pagpapaliwanag at mga kahulugan ng—ng Salitang ito na naisulat. At ako'y nagpapasalamat sa Kaniya sa mga ginawa Niya sa atin sa buong linggo, na tayo . . . sa pagbubukas ng mga Tatak na ito.

⁷ At, ngayon, marahil magiging isang mabuting bagay kung sa Linggo ng umaga, sa . . . Alam n'yo, maraming mga pagkakataon . . . Hindi natin nais na di-maunawaan, ngunit, alam n'yo, kayo . . . Ito ay napupunta sa ganiyang paraan. At kaya, marahil, Linggo ng umaga, kung lahat ng may katanungan sa kanilang isipan tungkol dito, ay isusulat ito at ibigay ito sa ibabaw ng desk dito, Sabado ng gabi, at para makita ko kung ano ito. At pagkatapos ay sisikapin kong sagutin iyan para sa inyo, Linggo ng umaga, sa kalooban ng Panginoon. Palagay ko iyan ay magiging mas mainam kaysa pinaplano natin, dahil minsan iyan ay di-naunawaan, alam n'yo na. At kaya sa ganiyang paraan makukuha ko . . . Mas makabubuti na aking—na maituwid ko iyan, alam n'yo. Ito ay magiging kung ano lamang ang dapat diyen. Dahil, minsan, ngayon . . .

⁸ Mayroong tumawag sa araw na ito at sinabi, na—na, tumawag at gustong mabatid kung totoo, na, “Kapag ang—ang Pag-agaw ay naganap, magkakaroon lamang ng isa sa Jeffersonville at isa sa New York, at iba pa sa kanila sa ibang bansa.” Kaya, kita n'yo, iyan lamang ay di-naunawaan. Pagkatapos may nagsabi, na, “Sabado ng gabi, kung ibibigay ng Panginoon sa atin ang huling Tatak, kung gayon si Jesus ay paparito sa Linggo ng umaga.” Kita n'yo? Kaya ito'y isang— ito'y isang . . . Kita n'yo, ikaw—ikaw ay hindi . . . Iyan, iyan ay hindi ganiyan. At ikaw ay hindi . . . Ito ay hindi ganiyan.

⁹ Hindi natin alam. Kung mayroong magsasabi sa inyo na alam nila kung kailan Siya darating, alam n'yong sila ay mali, sa pasimula pa, sapagka't walang nakakaalam niyan. Ngunit nais nating mabuhay, sa araw na ito, na tila iyan ay ngayon na mismo.

¹⁰ Tipong ibabaling ko kayo pabalik sandali, kaya maging handa. Ako—ako ay naniniwalang si Jesus ay darating sa loob ng, mababa sa, tatlong minuto mula mismo ngayon, ng Kaniyang oras. Alam n'yo ba kung magiging gaano kahaba iyan? Mga tatlumpu't-limang mga taon. Kita n'yo, ang sanlibong taon ay isang araw lamang, sa Kaniya, kita n'yo.

¹¹ Kaya, kapag narinig ninyo ang apostol sa dako rito na nagsabing, “Ang panahon ay malapit na,” banda rito, “ang panahon ay malapit na.” Sinabi iyan ng apostol sa Apocalipsis. Alam ninyo kung gaano katagal iyan? Iyan ay hindi pa . . . Iyan ay kahapon lamang, sa Diyos, ni wala pang dalawang araw.

¹² At, kita n'yo, kung ito'y tatlong minuto, mas mababa kaysa tatlong minuto ng Kaniyang Pagdating, kita n'yo, iyan ay magiging mga tatlumpung taon, sa atin, o isang bagay sa

ganiyang ayos. At tingnan kung paano, kung magiging ano ang tatlong minuto sa Kaniya: Siya ay tumatayo na, upang pumarito. Kaya tayo, kayo. . . kung minsan kapag kayo'y bumasa rito, Siya ay nangungusap sa mga termino ng Salita, kita n'yo, hindi sa mga termino natin.

¹³ At kaya nga kung alam ko na Siya ay darating bukas ng gabi, bukas ng gabi, bukas Ako ay mag-aaral at hihilingin sa Kaniya na ibigay sa akin ang Mensahe para sa Ikaapat na Tatak. At ako'y darating dito at ipapangaral Iyan, nang pareho lamang. Kita n'yo? Ako—nais kong gawin araw-araw sadyang kung ano ang ginagawa ko kapag Siya'y dumating. At wala na akong nalalamang mas mainam na iba pang dako kaysa matagpuan mismo sa pagtupad ng tungkulin, kita n'yo, sa pagtupad ng tungkulin. Kaya magpatuloy lamang tayo hanggang sa Siya'y dumating.

¹⁴ Minsan kapag tayo ay nagbasa lamang, at, ngayon, maging napakaingat. At kapag kayo ay nagbasa, kunin ang mga teyp, makinig sa kanila ng talagang mabuti. Sapagka't, makukuha n'yo iyan sa teyp, sapagka't lagi nilang pinaririnig muli ang mga teyp na iyan, at sila ay talagang mabuti at malinaw. Kaya, makukuha n'yo iyan ng mas malinaw roon.

¹⁵ Ngayon, lahat ay umiibig kay Cristo, inaasam ko, ngayong gabi, at lahat ay nagmamahal sa Kaniya.

¹⁶ Sasabihin ko sa inyo kung ano, minsan, ang nakapagpapalito sa mga tao, ay yung isang taong pumasok at hindi nakuha ang unang bahagi ng gawain, kita n'yo. Pagkatapos sila ay pumasok at narinig nilang ikaw ay tumukoy pabalik, may tinalakay pabalik, na isang bagay, at pagkatapos ay kukunin nila iyan, kung anong nasabi, at hindi nila nakuha ang unang bahagi. Kaya nga lahat ng ito ay nakakalito sa kanila, kita n'yo, kung gayon. At iisipin nilang mayroong nasabing kaiba, ngunit Ito—ngunit Ito ay hindi naman.

¹⁷ Kaya kung mayroon kayong isang katanungan na hindi n'yo naunawaan, isulat lamang ito sa isang pirasong papel. Ibigay iyan, anumang oras mula ngayon hanggang Sabado ng gabi. At sisikapin ko, Linggo ng umaga, upang. . . Kung ito'y medyo nakakalito, sabihin ninyong, “Buweno, iniisip ko kung anong ibig sabihin *nito* rito. Hindi ko nakuha ito.” Alam n'yo ang ibig kong sabihin. Pagkatapos ay sisikapin kong sagutin ito para sa inyo, Linggo ng umaga, sa kalooban ng Panginoon.

¹⁸ Ngayon, ngayong gabi tayo ay babasa muli mula sa pinagpalang lumang Salitang ito, sa ika-6 na kabanata. At tayo'y magsisimula sa gabing ito sa Ikatlong Tatak. At iyan ay ang ika-5 talata, ang ika-5 at ika-6 na talata.

¹⁹ At bukas ng gabi tatapusin natin ang apat na mangangabayo; ang maputing kabayo, at ang mapulang kabayo, maitim na kabayo, at maputlang kabayo.

20 At nais kong sabihin ito. Na, sa bawat pagkakataon, maging hanggang sa umagang ito, tungkol. . . Ako ay bumangon ng talagang, talagang maaga at tumungo sa panalangin bago magsimula ang mga bagay, at nananatili lamang na nananalangin lamang sa buong araw. Ngunit kaninang umaga, maaga, ang Banal na Espiritu ay dumating kung saan ako naroon. At sadyang kasing linaw ng anumang bagay, ako—nakita ko ang panibagong Tatak na ito na nagbukas ngayon, sadyang tamang-tama. Ngayon—ngayon— ngayon, dinirinig Niya ako, alam ko. At ako’y lubos na nagpapasalamat.

21 Ngayon, tandaan n’yo lamang na mayroong bagay na nagaganap. Na, ako—inaasam ko na nauunawaan n’yo ito, kita n’yo, kita n’yo, na mayroong bagay na nagaganap. Nais ko lamang subukin ang iglesing ito sa isang pagkakataon, at tingnan kung talagang mapupulot nila ang isang bagay bago ito talagang maganap. Ngayon tandaan, tandaan kung anong sinabi ko sa inyo. At, ngayon, tulungan tayo ng Panginoon.

22 Ngayon sa ika-5 talata.

At nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong nilalang na buhay na nagsasabi, Halika. . . tingnan. At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maitim; at yaong nakasakay dito ay may isang timbangan sa kaniyang kamay.

At narinig ko ang isang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; ngunit tingnang huwag mong ipahamak ang langis at. . . alak.

23 Ngayon bigyan lamang natin ito ng kaunting paglalarawan, at sa mga Tatak na natapos natin. Sapagka’t, tulad na lamang sa mga kapanahunan ng iglesya, aba, sinikap nating magbigay ng isang paglalarawan, upang tipong pagsanibin ito, hanggang magawa ninyong. . . Iyan ang paraan na ang mga kapanahunan ay talagang nasa Kasulatan, ang isa ay nagsasanib sa isa pa, sadyang tulad niyan. Tulad ng pag-akyat sa isang hagdan, at pag-akyat sa isang baitang, mabuti pa; ang isa ay sumusunod sa isa pa, at bumabalik tulad niyan, habang ikaw ay umaakyat ng isang baitang.

24 At ngayon, ang mga Tatak na ito, ang. . . Ito’y isang—ang Aklat ng Katubusan, natatakan. Nauunawaan ba ng lahat iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] At ang Aklat na ito ay natatakan ng Pitong Tatak. Ito ay isang Aklat na may pitong tatak. Kita n’yo?

25 At ngayon alalahanin, tulad ng pagkalarawan natin nito sa inyo, at kinuha iyan mula sa Jeremias at lahat. Ngayon, sila, nang sila ay mayroong. . . Sila’y sumulat tulad *nito*, sa isang piraso ng—ng iskrip, o isang papel, mabuti pa; o, hindi papel,

ngunit iyan ay isang balat. [Ipinakita ni Kapatid na Branham ang pagbibilot at pagtatatak ng isang balumbon ng mga papel na may sulat, sa pamamagitan ng pagamit ng mga pilas ng papel.] At kanilang inikot iyan, tulad *nito*. Ngayon iyan. . . At pagkatapos ang dulo niyan ay iniwan tulad *niyan*; iyan ang tumutukoy kung anong naroon. Pagkatapos ang susunod na isa ay ganoon ding uri ang posisyon, binilot sa katulad na paraan, binilot tulad *niyan*. At pagkatapos, sa dulo rito, ito'y punit tulad *niyan*, at naiwanan ang isa pa.

²⁶ Buveno, iyan nga ang Aklat na may pitong tatak. Ngayon wala tayong mga Aklat tulad *nito* hanggang kamakailan lamang. Ang mga Aklat sa lumang panahon ay mga balumbon ng mga papel na may sulat. Sila ay binilot. At pagkatapos kung nais nila ang paksa o anumang bagay. . . Tulad kung—kung ang Biblia ay binilot, nais n'yong basahin ang Aklat ng Isaias; kayo ay bubuklat sa dako rito sa Isaias, pagkatapos aalisin Ito sa pagkakabilot tulad *niyan*, at babasahin Ito. At ito ay isang Aklat ng Katubusan na may pitong tatak.

²⁷ At ngayon natuklasan natin na ang Cordero ay lumabas, kinuha ang Aklat mula sa kamay Niya na nakaluklok sa Trono, at binuksan ang mga Tatak, at—at kinalag. . . at kinalag Iyan, kinalag ang mga Tatak sa mga tao.

²⁸ At ang apat na Hayop na nakaupo roon, na kinuha natin sa mga kapanahunan ng iglesya, ang siya ring apat na mga Hayop, nakita n'yo sila sa pasimula hanggang wakas ng Kasulatan, at yaon sila ang Siyang gumagawa ng pag-aanunsiyo ng mga Tatak na ito na nabuksan. Ngayon, at nakita nating ito ay isang—isang Aklat ng Katubusan.

²⁹ Pagkatapos tayo ay bumalik at nakuha ang—ang Kamag-anak na Manunubos, at kinuha Siya, upang makita kung ano ang Kaniyang gawain. At ngayon sa lahat ng mga taon na ito, matagal nang ginagawa ni Cristo ang gawain ng Kamag-anak na Manunubos. Ngayon, lahat ng nakaunawa niyan, magsabing, “Amen.” [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”— Pat.] Matagal na Niyang ginagawa ang gawain ng Kamag-anak na Manunubos.

³⁰ Ngunit may darating na isang panahon na kung saan ang gawaing pagtutubos ay magtatapos. At kapag ang gawaing pagtutubos ay natapos, kung gayo'y iiwan Niya ang Trono ng Diyos, kung saan Siya ay nakaupo ngayon. Ngunit iya'y hindi Niya Trono. “Siya na magtagumpay ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking Luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng Aking Ama sa Kaniyang Luklukan.” Iya'y hindi Niya Trono. Iyan ay pag-aari ng Espiritu, ng Diyos. Si Cristo, ang Cordero, hindi iyan para sa Kaniya. Siya ay ang nagkatawang-taong Diyos, kita n'yo; na siya ring Diyos, na nagkatawang-tao. Ngayon, Siya ay tumatayo mula sa luklukan. . .

31 Una, ang anunsiyo ay lumabas, para, “Sino ang makakalapit at pag . . . at kunin ang Aklat na ito ng Katubusan?” Kita n’yo, sapagka’t ang buong plano ng katubusan, mula kay Adam, naiwala lahat ni Adam.

32 Walang anumang bagay na napahamak hanggang kay Adam. At pagkaraan ni Adam, lahat ng bagay ay napahamak, sa daigdig. At lahat ng bagay sa pagkakalikha ng daigdig ay napahamak. At lahat ng bagay ay nahulog kasama ni Adam, tinawid ang bangin, na walang sinumang makababalik, walang daan sa anumang paraan. Ang tao, nang siya’y magkasala, iniwan niya ang kaniyang daan, hindi siya nag-iwan ng daan pabalik para sa kaniyang sarili. At pagkatapos ang . . .

33 Nang ang katanungang ito ay naitanong; Si Juan na tagapaghayag, iyan . . . ang propeta Juan, ay nasa pangitain at nakita ito. At walang sinumang tao sa Kalangitan, walang sinumang tao sa lupa, walang tao sa ilalim ng lupa, o sinuman, na karapat-dapat na tumingin man lang sa Aklat. Kita n’yo? Ngayon isipin lamang iyan! Pagkatapos ang Cordero ay lumapit, at kinuha Niya ang Aklat. Ngayon si Juan ay hiniling na huwag nang umiyak pa. Ang sabi niya, “Narito, ang Leon ng Juda ay nagtagumpay, at—at Kaniyang magagawang kunin ang Aklat at buksan Ito.” Kaya, siya’y bumaling upang tumingin para sa isang Leon, at nakita niya ang isang Cordero. Ang matanda ay tumawag, sabi, “Isang Leon ang nagtagumpay.” Ngunit nang siya ay lumapit at tumingin, ito ay isang Cordero na lumalabas mula sa Trono.

34 Ngayon, hindi pa niya napansin Iyan kailanman noong una. Bakit? Siya’y matagal na roon, sa paggawa Niya ng Kaniyang pamamagitan gawain; sapagka’t Siya ay nagdurugo para sa mga tao, namamagitan para sa mga tao, hanggang sa ang huling kaluluwa, na nailagay sa Aklat ng Buhay ng Cordero bago pa itatag ang sanlibutan, ay pumasok. Magkakaroon lamang ng ganoon karami sa kanila roon, at iyan ito. Iyan lang lahat. Ang iba’y ni hindi man lang gugustuhing pumasok; wala silang pagnanasa upang pumasok. At kaya, pagkatapos, kapag ang huling kaluluwang iyan ay makapasok na, kung magkagayon ang panahon ng katubusan ay tapos na.

35 Pagkatapos ang Cordero ay lumabas upang kunin ang Kaniyang mga karapatan sa Kaniyang tinubos, at iya’y lahat ng sangnilikha. Ang daigdig at lahat ng bagay ay sa Kaniya. Kita n’yo? Tinubos Niya ito ng Sarili Niyang Dugo. At nang Siya ay lumabas upang kunin ang Aklat na ito, upang buksan Ito, aba, naku, sila ay . . . si Juan ay hindi na umiyak pa. At siya’y tumingin, at ang Corderong ito ay isang pinatay na Cordero. Ito’y pinatay na, ngunit ito ay nabuhay muli. At ngayon natuklasan natin na ang isang pinatay na cordero ay isang duguang cordero, nagdurugo sa kabuuan. Ito’y pinatay. Makaraang Ito’y patayin, Ito ay nabuhay na mag-uli. Ito ay nakaupo na sa Trono, sabihing, doon sa likod ng Trono, tulad *nito*, namamagitan para sa lahat ng

mga kaluluwang iyan na lalapit. Pagkatapos kapag ang huling isa ay naririto na, at ito'y kumpleto na, ang... Hawak pa rin ng Diyos ang Aklat ng Katubusan. Kita n'yo? Ngayon ginagawa lamang Niya ang gawain ng Kamag-anak ngayon.

³⁶ Tulad, si Boaz ay bumaba, at si Ruth ay nakaupo lamang doon na naghihintay hanggang si Boaz... ang ibig kong sabihin, ginawa ni Boaz ang pag... gawaing pagtutubos ng kamag-anak. Natatandaan n'yo ba akong ipinapangaral iyan, hindi pa katagalan ang nakalilipas? Si Ruth, ang pamumulot; at, si Ruth, anuman ang kaniyang ginawa; at patuloy, at ang huling bagay ay, si Ruth, naghihintay. Natatandaan n'yo ba kung paano ko itinipo iyan sa Iglesia? Samantalang, si Boaz ay bumaba upang gawin ang gawaing pagtutubos ng kamag-anakan. Ginawa niya iyan; hinubad ang kaniyang isang sapatos at gumawa ng isang patotoo, at tinubos si Naomi, at, mula roon, kinuha—kinuha si Ruth. Ngayon, kaya, si Ruth ay naghihintay lamang, sapagka't siya ay tapos nang magtrabaho. Nagawa na niya ang lahat ng iba pang mga bagay na ito, ngunit siya'y naghihintay ngayon. At pagkatapos nang... Ang Iglesia ay naghihintay, nagpapahinga (marami sa kanila, halos lahat sa kanila, sa alabok ng lupa), habang ginagawa Niya ang Kaniyang gawaing Pagtutubos ng Kamag-anak.

³⁷ Ngayon ang mundo ay nananatili pa ring pasama ng pasama. At ang kasalanan ay dumaragdag, at—at ang karamdaman, at kaguluhan, at kamatayan, at kalungkutan. Ang mga walang diyos na kalalakihan at walang diyos na mga kababaihan ay namamatay na lamang agad. Kinakain sila ng Kanser, at lahat ng iba pang bagay, kapag hindi sila makapag-angkop ng sapat na pananampalataya upang umabot doon at mahawakan ito.

³⁸ Ngayon pansinin. Ngunit pagkatapos makaraang ang lahat ng ito ay magtapos, makaraan ang Kaniyang pamama... Natapos na ang Kaniyang pamamagitan, Siya'y lumabas, kinuha ang Aklat mula sa kamay Niya. At pagkatapos si Juan, at lahat ng bagay sa Kalangitan, at nagpasimulang... Ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana ay nagpasimulang maghiyawan. Kukunin natin iyan sa Ikaanim na Tatak, muli. At gaano sila nagsaya! At—at sila'y nagpatirapa, ang mga matatanda, at ibinuhos ang mga panalangin ng mga banal. At ang mga kaluluwa sa ilalim ng dambana ay nagsipagsabing, “Ikaw ay karapatdapat, sapagka't Iyo kaming tinubos sa Diyos! At kami'y babalik sa lupa, upang mabuhay bilang mga hari at mga saserdote.” Oh, nagkaroon ng isang dakilang... .

³⁹ At sabi ni Juan, “Lahat ng nilalang sa Kalangitan, lahat ng bagay sa ilalim ng lupa, at lahat ng bagay,” ay narinig siyang pinupuri ang Diyos tungkol doon. Maaring natagpuan ni Juan ang pangalan niya Roon, alam n'yo. Sa lahat ng panahong iyan!

40 Pagkatapos sabi niya, “Siya ay karapat-dapat upang kunin ang Aklat ng Katubusan.” Ngayon hindi na iyan pag-aari pa ng Tagahatol. Ito ay pag-aari na ng Manunubos, at nagawa na Niyang gawin ang gawain ng pagtutubos.

41 Ngayon ipapakita Niya sa Iglesya kung anong nagawa Niya. Amen. Kita n’yo? Pagkatapos kinuha lamang Niya... Ngunit ang Aklat ay nakasara. Walang sinumang nakaalam, sa anumang paraan. Alam nilang Ito ay isang Aklat ng Katubusan, naroon Ito, ngunit Ito’y dapat na ihayag sa mga huling araw. Ayon sa Apocalipsis 10, ang ikapitong anghel ang pagbibigyan ng Mensahe Niyan. Sapagka’t, sinabi Nito, na, “Sa mga araw ng paghihip ng ikapitong kapanahunan ng iglesya, ang ikapitong anghel, kapag siya’y humihip, lahat ng mga hiwaga ng Diyos ay ganap na, sa kaniyang paghihip.” Pagkatapos, makaraan na Ito’y mahayag, ang Anghel ay bumaba mula sa Kalangitan, na si Cristo. Ngayon tandaan, ang anghel na ito ay nasa daigdig, isang mensahero.

42 Dumating pababa si Cristo, nakita n’yo Siya sa ika-10 kabanata ng Apocalipsis; itinuntong ang isang paa sa lupa, at ang isa pa sa dagat; may bahaghari sa itaas ng Kaniyang ulo, mga mata’y tulad... at mga paa’y gaya ng apoy, at kung anu-ano pa; itinaas ang Kaniyang kamay, at nanumpa sa Kaniya na nabubuhay magpakailan man, sa Trono, na, “Ang oras ay hindi na magtatagal.” At nang ginawa Niya ang panunumpang ito, binigkas ng Pitong Kulog ang kanilang mga tinig.

43 At ang manunulat, na, nang si Juan ay kinuha paitaas, ay isusulat dapat kung anong nakita niya. Siya ay nagpasimulang magsulat. Ang sabi Niya, “Huwag mong isulat Iyan.” Sapagka’t... “Huwag mong isulat Iyan.” Iyan ay isang un-... Sabi Niya, “Tatakan mo Iyan.” Sa ano? “Tatakan. Huwag mong sabihin Iyan.” Kita n’yo, Ito’y ihahayag, ngunit ni hindi Ito naisulat sa Salita.

44 At pagkatapos nang sinimulan Niyang buksan ang mga Tatak, natuklasan natin, lahat sila ay nalilito. Kita n’yo? Nang buksan Niya ang Unang Tatak, inisip niya, “Ngayon heto ang sasabihin Nito, ‘At darating na kukunin ni *ganoon-at-ganito* kukunin ang trono, at *may isang* gagawa *nito*, at *ito* ay gagawin *ian.*’ ”

45 Ngunit nang iyon nga, dito siya’y nagtungo, isang maputing kabayo, tumatakbo, at isang mangangabayo ang naroon. Buweno, “Mayroon siyang isang busog sa kaniyang kamay; at siya’y binigyan ng isang korona, makaraan ang ilang panahon,” sabi niya. Iyan lang lahat.

46 At ang Cordero ay tumalikod muli, at humatak ng panibagong Tatak, at dito’y lumabas ang isang maitim... isang mangangabayong mapula. “At siya ay mayroong isang... binigyan ng isang—isang tabak; at siya ay makikipagdigma;

at binigyan ng malaking kapangyarihan, at mag-alis ng kapayapaan sa lupa, at mangagpatayan sa isa't isa." Iyan ay tila isang uri ng . . . isang mahiwagang bagay pa rin (hindi ba?), nang buksan Niya Ito.

47 At pagkatapos ay nagpatuloy, at sabi, "Sadyang sa araw bago ang Pitong Kulog na ito, lahat ng mga hiwaga rito ay hayag na."

48 Ngayon tingnan. Pagkatapos ay natuklasan natin, habang tayo'y nag-aaral, na, sa pagpapatuloy sa mga kapanahunan, nagkaroon tayo ng mga repormador, hindi mga propeta. Mga repormador! At bawat katungkulan ay ginagampanan ang kaniyang sariling—kaniyang sariling gawain.

49 Tulad na lamang ng isang tao na isang—isang teleponista, hindi siya eksaktong isang elektrisista. Maaari siyang makagawa ng kaunting trabaho niyan. At tulad, kung ang isang tao ay isang laynman, buweno, siya tiyak. . . Isang tao ay isang tagahukay ng butas ng poste, at hindi kailanman gumagawa ng anumang trabahong panglina, mas makabubuting lumayo siya sa linya; ngunit maari siyang gumawa ng ilang gawain niyan o ilang bagay.

50 Ngunit kapag ang tunay na Bagay ay dapat nang ihayag sa huling araw, sa huling bahagi ng Iglesya, ay kapag sinabi ng Diyos na isusugo Niya sa atin, ayon sa mga Kasulatan. At sinaliksik natin iyan nang paulit-ulit at paulit-ulit, na inihula Niya na ang Espiritu ni Elias ay magbabalik sa ibang tao. Ngayon, palagay ko iyan ay ginawang sadyang malinaw. At tayo. . . At tayo'y naghihintay na iyan ay magaganap; kung saan, isang pinahirang tao, sa mga huling araw, upang lumitaw. Ngayon kayo'y makaririnig ng maraming mga panatiko at lahat ng iba pang mga bagay, ngunit iya'y sadyang—sadyang nagtatangka na. . . Ito'y ang Diablo, na pinipilit na iligaw mula sa tunay kapag siya'y naparito, kita n'yo. Ngunit ito'y maipakikilala ng wasto. Alam ninyo kung ano si Elias noon; at bantayan iyan, at inyo—malalaman ninyo. At pagkatapos kapag siya'y. . . Ngayon, malalaman ng Hinirang.

51 Hindi ang mga iba; siguradong hindi nila gagawin ito. Hindi nila makikita Ito, ng isang milyong milya. Tulad. . . Natalakay na natin lahat ng iyan, at ipinakita kung paano nilang di nakilala si Juan, kung paanong di nila nakikilala si Elias, paanong di nila nakilala si Jesus, paano nilang di nakilala sila. At gagawin nila ang katulad na bagay, pagka't sinabi ng Biblia na gagawin nila. Kita n'yo? Kung kaya, sa panahong iyan, Ito'y magiging napaka-mapagpakumbaba. Iya'y magiging napakasimple. Iyan ay magiging. . . kung ano ang magpapalayo sa mga tao mula Roon. Iya'y napakasimple para sa kanila. Natuklasan natin, at palagi, kapag ang mga tao ay nagiging matalino at edukado,

at maraming nalalaman, pagkatapos sila ay sadyang. . . Iyan mismo ang klase na di nakakakilala nito, alam n'yo. Kita n'yo?

⁵² Hindi kailanman kinuha ni Jesus ang gayong uri ng mga tao para (maging) Kaniyang mga alagad. Kumuha Siya ng mga taong di nakapag-aral, mga mangingisda, at walang sinuman ang konektado sa kanilang mga iglesya at mga bagay. Kumuha lamang Siya ng mga ordinaryong mga tao, mga maniningil ng buwis, at mga magsasaka, at mga mangingisda, at kung anu-ano pa, upang gawin ang Kaniyang gawain. Kita n'yo? Dahil, kanilang—alam nilang sila'y bale wala, kaya nga Siya ay makagagawa ng isang bagay mula sa kanila, kita n'yo. Habang nalalaman nila na sila'y bale wala, kung gayon ang Diyos ay makagagawa.

⁵³ Ngunit kapag sila'y dumako sa pag-iisip na mayroon silang nalalaman, kung gayon, “Wala kang nalalamang anuman na dapat mong malaman,” ang sabi ng Biblia. At kaya, pagkatapos, ating—nakita natin iyan.

⁵⁴ At ngayon, natuklasan natin, pagkatapos, na ang mga tatak na ito ay dapat na maging hayag.

⁵⁵ At bakit hindi ang ibang mga taong ito, si Wesley, si Luther, at yaong mga dakilang repormador, na nagdala ng pag-aaring-ganap, pagpapaging-banal, ang kapanahunan ng pentekostal kasama ang bautismo ng Banal na Espiritu at mga bagay, bakit hindi nila naunawaan ang mga ito—ang mga Mensaheng ito? Bakit hindi nila Yaon nakuha? Sapagka't sila ay mga repormador. Kita n'yo?

⁵⁶ Tulad na lamang, kunin iyan sa kabilang bahagi, mayroong mga taong nagsipasok na “may kapangyarihan tulad ng mga hari, ngunit hindi mga hari.” Kita n'yo? Kita n'yo? Kailangan ninyong pansinin ang mga terminolohiya ng Biblia sa anumang bagay. Kita n'yo? Ngayon masdan. Ngunit, ito, ang dahilan na ang lahat ng pagkaligaw ay nagtapos, ng mahiwagang bahagi tungkol sa pag-aaring-ganap, ng mahiwagang bahagi ng pagpapagiging-banal, ng mahiwagang bahagi ng bautismo ng Espiritu Santo. At, bakit, anong uri ang. . . Kumain ba si Eva ng mansanas, o kumain ba siya ng isang prutas na granada, o anuman? Kita n'yo? Kaniya. . . Ano nga ang binhi ng serpiyente? At—at ang bautismo ba sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” o sa Pangalan ng “Panginoong Jesus,” ang tama? At, oh, mga daan-daang mga bagay na yaon, ay naiwang hindi naipaliwanag. Kita n'yo?

⁵⁷ At pagkatapos sa huling oras, ang taong ito ay kailangang dumating at ihayag ang bagay, kita n'yo, kunin ang mga Kasulatan. Ito'y maipakikilala ng wasto. Tingnan. Opo, ginoo. At, ngayon, ito'y hindi magiging isang dakilang, malaking bagay ngayon. Ito'y tila, dito sa Biblia, ito'y magiging isang bagay na malaki.

58 Gaano nga ito kalaki, nang si Juan ay dapat na bumabaron at magbautismo! Isipin lamang ngayon. Ang mga propeta, noon, pabalik doon noon, si Isaias, Malakias, at lahat sila'y nangusap tungkol sa kaniya, kung kailan siya darating. At nang siya'y dumating, sadyang nag-iisa, matanda, di-nakapag-aral na tao, na mayroong mga balbas sa buo niyang mukha, at ang buhok ay lumaylay na tulad sa isang mabalahibong higad, at isang malaking lumang piraso ng balat ng tupa ay nakabalot sa kaniya; walang edukasyon, at lahat na hindi nakatungtong sa paaralan ni isang araw sa kaniyang buhay, hanggang sa nalalaman natin. Kita n'yo? Heto siya'y dumating, mula sa ilang, ni hindi man lang tanggap ng maluwag sa isang pulpito, at tumayo roon sa ilog ng Jordan at nagsimulang tumawag sa mga tao upang magsisi. Naiisip n'yo ba!

59 Sabi ng Biblia, na, "Lahat ng bagay ay magiging napakadakila sa araw na iyan, maging hanggang lahat ng mga matataas na dako ay ibababa, at lahat ng mababang mga dako ay maitataas." Opo ginoo. "At lahat ng mga baku-bakong mga dako ay gagawing patag."

60 Aba, ipinapalagay kong nakikita sila roon, isiping si Juan ay lumalabas, o ang dakilang tagapagpaunang ito ni Cristo, at kunin lamang lahat ng disyerto at pakinisin ito, at maglagay ng mga damo rito muli. Kita n'yo? Oh, sila'y, palagay ko napaghandaan na nilang lahat ito, tulad ng mayroon sila ngayon.

61 Ngunit, ito ay napakamapagpakumbaba, maging ang mga apostol ay di nakilala ito. Sabi nila, "Buweno, bakit sinasabi ng Kasulatan, kung ang. . . Ikaw ay aakyat roon upang maihandog ngayon? Bakit sinasabi ng Kasulatan na—na si Elias ay kailangan munang pumarito?"

62 Ang sabi Niya, "Siya'y dumating na, at hindi ninyo nalaman ito. At, sa Anak ng tao, gagawin nila ang katulad na bagay. Ngunit, si Juan," ang sabi Niya, "ay ginawa lamang kung anong naisulat na kaniyang gagawin. At ginawa nila sa kaniya kung ano ang dapat lamang nilang gawin. At," sabi, "gayun din ang Anak ng tao ay dapat na magdusa."

63 Aba, wala man lamang, sa palagay ko, ng ikatlong-bahagi ng buong lahi ng Hudyo ang nakabatid na si Jesus Cristo ay nasa daigdig. Hindi. . . Sila'y maaring nakarinig ng ilang panatiko roon kung saan mang dako, ngunit hindi man lamang nila binigyan ng pansin yaon, nagpatuloy lamang. "Siya'y naparito sa Sariling Kaniya, at ang Sariling Kaniya ay hindi Siya tinanggap." Ngayon, diyan ay kung saan pinaniniwalaan ko na maging. . . Ngayon, hindi nito sinabing Siya ay darating ng sikreto.

64 Ngunit ang Pag-agaw ay magiging isang sikreto. Kaya kung iyan ay napakasikreto, kapag Siya'y dumating, gaano pang

higit na di-malalaman ang Pag-agaw! Kita n'yo? Hindi nila malalaman ito. Tuwiran nilang sasabihing, "Buweno, akala ko ba tayo ay magkakaroon ng isang Pag-agaw. At lahat ng paghatol na ito sa daigdig?"

⁶⁵ Sasabihin Niyang, "Ito'y naganap na, at hindi n'yo nalaman ito." Kita n'yo? Ito'y magiging gayun, sadyang tulad ng isang magnanakaw sa gabi.

⁶⁶ Tulad sa isang—isang aklat na binasa ko, minsan. Anong tawag diyan? Romeo at Juliet, iyan ba kung ano iyon, o iba pa? Hinayaan niyang, inilagay ang hagdanan sa tabi ng bahay, ibang daan. Aking nakal-. . . Matagal na panahon na ang nakalilipas. At dumating, kinuha ang kaniyang. . . upang kunin siya sa oras ng gabi.

⁶⁷ Ngayon, ganiyan ang paraan na ito'y—ito'y magaganap, at ito'y maglalaho. Hindi, sila'y magpapadala ng pangkat ng mga Anghel pababa, na may ilang mga pala, at huhukayin ang mga libingan. Sabi ng Biblia, "Tayo'y babaguin, ni bago mo ikisap ang iyong mata." Isang kisap lamang, ito'y matatapos nang lahat, ganiyan kadali.

Sasabihin lamang na, "Mayroong naglaho."

⁶⁸ Buweno, ipinapalagay ko kung masaliksik natin ang buong mundo, ngayong araw na ito, mayroong limang daang mga tao ang naglalaho mula sa daigdig bawat araw, kita n'yo, wala silang nalalamang anuman tungkol doon. Sila ay napagalaman lamang, na nawawala.

Buweno, hindi masyadong marami ang makakasama sa Pag-agaw na iyan.

⁶⁹ Ngayon, hindi ko kayo gustong takutin, at ako—at ako—ako—ako—hindi ko iniisip na iya'y ganiyang paraan, ngunit nais ko lamang sabihin sa inyo kung anong sinabi Niya. At alam n'yo ito, sa sarili ninyo. "Tulad ng iyan sa mga araw ni Noe, kung saan walong kaluluwa ang nailigtas sa pamamagitan ng tubig. Walong kaluluwa mula sa mundo, iniligtas sa pamamagitan ng tubig."

⁷⁰ Buweno, sasabihin ninyong, "Oh, naku! Hindi ko na kailangan pang subukan." Iyan ay nagpapakita na hindi mo taglay ang uri ng pananampalatayang kailangan mo.

⁷¹ Kung magkakaroon lamang—lamang ng isa, iya'y magiging ako, amen, pagka't ako'y naniniwala. Kita n'yo? Iyan ang paraan na nais ninyong paniwalaan ito, kita n'yo, "Maging ako." Tiyak. Nais kong mabuhay ng napakalapit sa Kaniya, na alam kong kukunin Niya ako kapag Siya'y dumating. Sinasampalatayanan ko ito. Iya'y tama. Kaya kung mayroong . . . Kung lahat iba pa ay hindi makakasama rito, ako'y makakasama roon, sa pamamagitan ng Kaniyang biyaya. Pagkat, ipinangako Niya iyan sa akin, at alam ko na ako'y—ako'y mapapa-roon, pagka't

hindi Niya magagawang magsinungaling. At alam ko na ang kaluluwa ko at buhay ay nagtataglay ng patotoo, at sinikap ko na mamuhay araw-araw na parang Siya ay darating, kaya ako'y—ako'y magiging isang iyan. Iyan ang paraang nais n'yong maramdaman, “Kung magkakaroon ng walo, ako'y magiging isa sa walong iyan; kung magkaraon ng limang daan, ako'y magiging isa sa limang daang iyan. Hindi ko alam ang tungkol sa ibang tao, ngunit nais kong maging isa sa limang daang iyan.” Kita n'yo? Iyan ang paraan na nais ninyong tandaan. Kita n'yo?

⁷² At kung hindi ninyo tatandaan iyan tulad niyan, mayroong isang bagay na mali sa inyong pananampalataya. Kita n'yo? Hindi pa kayo tiyak kung kayo ay ligtas na, kung gayon. Kayo ay nanghuhula lamang dito. Huwag gawin iyan. Mabuti.

⁷³ Hindi tayo makadadako sa Tatak na ito, di ba? O sige. Nais kong, bawat gabi . . . Hindi ko alam kung bale wala lang sa inyo ang pagkuha ko ng oras ninyo. Maari tayong lumabas ng medyo mas maaga. Walang masyadong . . .

⁷⁴ Sa paghahayag ng mga ito, ng mga Tatak na ito, alalahanin, ito'y talagang isang talata lamang. Ang una, ay nagsasabi ng pag-aanunsiyo nito, ang ika-2 talata. Halos lahat ng mga komentaryo, at iba pa, ang pagbabasa nito, o—o ang pagbabasa ng kanilang mga kaisipan, at mayroon ako—at ako'y palaging naniniwala na halos tulad ng panininiwala nilang lahat, na ang unang mangangabayong iyan ay ang—ay ang sinaunang iglesya. Ngunit nang inihayag ito ng Banal na Espiritu, ito ay talagang salungat diyan. At kaya kung gayon, lahat ng ginawa nito, ipinakita lamang kung ano ito. At pagkatapos ay sinikap kong . . .

⁷⁵ Ngayon, sa akin, ito ay napakasagrado. Iyan ang dahilan na mas mabuting sagutin ko ang mga katanungang ito. At kunin natin ito, na ang lahat ay nakakaalam ng tuwiran, at sa mga teyp, din, na kanilang maunawaan ngayon. Kita n'yo? Sinikap kong magsalita sandali, sa gabi, sa pagbabaliktanaw, upang dalhin ang mga tao . . .

⁷⁶ Nagmamadaling papasok at tumutulak papasok, at, hindi n'yo dapat gawin iyan. Kita n'yo? Ngunit, kapag iyan ay nangyayari, ito'y mga taong nilalang. At mainit sa—sa loob dito, at kayo—at kayo ay di mapakali.

⁷⁷ Ngunit kayo ay naging napaka, napakabuti. Ang pinakamainam na nakita kong kilos ng mga tao, sa taberkulo, ay sa pagtitipong ito; at nauupong tahimik, at ang mga ina ay dinadala ang kanilang mga anak sa alagaan kapag sila'y nagsimulang umiyak. At lahat ng bagay ay naging napaka- inam.

⁷⁸ Ngunit sinikap ko na bigyan ito ng paglalarawan hanggang sadyang madama ko ang pagpapahid ng Espiritu sa akin, upang sabihin ang mga Salitang ito, upang sabihin kung anong nahayag sa akin. At pagkatapos kung ako ay mayroong, kung

saang dako man, sa paggawa niyan, kung ako'y nakagawa ng pagkakamali rito, tiyak dito sa harap ng lahat ng mga tao itutuwid Niya ito para sa akin. Ako—nais ko ito. Ito'y— ito'y . . . Nais ko na Ito ay tama. Hindi kailangang kunin kung ano lamang ang iyong palagay. Mayroong bagay na tama, at—at nais natin iyan. Nais natin na ibigay sa atin ng Diyos kung anong tama.

⁷⁹ Kaya ngayon kinuha natin ito, itong mga mangangabayo, habang sila'y dumarating. Ang unang kabayo, ngayon, at napagtanto natin na iyan ay ang—ang anti-cristo na nagtungo. At pagkatapos natuklasan natin, kagabi, na siya ring tao na tumungo bilang anti-cristo, bilang isang maputing kabayo, natagpuan natin siya na may isang tabak, kagabi, nangangabayo, at pumapatay ng mga tao.

⁸⁰ Ngayon, ngayon, mayroon laging natural at ispiritwal. At para sa kapakanan ng Iglesya, nais kong itipo, sadyang bago tayo dumako sa pagbubukas ng Tatak na ito.

⁸¹ Na, kung anong ibinigay Niya sa akin, isinulat ko iyan dito. Mayroon akong ilang mga Kasulatan dito, pito o walong pahina niyan, habang ako ay tumutukoy rito.

⁸² Pansinin, nais kong magbigay ng isang tipo, tungkol sa Iglesya, at gawin itong napakalinaw upang makita n'yo ito. Kita n'yo?

⁸³ Ngayon, mayroong isang natural na nobya sa hardin ng Eden. Natatandaan n'yo ba kagabi? Iyang natural na nobya, siya ay kasintahan ni Adam, hindi pa niya asawa, pagka't hindi pa niya siya ginalaw bilang isang asawa.

⁸⁴ Tulad na lamang si Maria ay asawa ni Jose, ngunit hindi pa niya siya ginalaw. “Siya ay natagpuang nagdadalang-tao.” Kita n'yo?

⁸⁵ Ngayon, bago ginalaw ni Adam ang kaniyang asawa, siya ay isang nobya lamang sa kaniya. Tama. At natuklasan natin na ang Diyos . . . Siya, siya ay nahulog sa hardin ng Eden sapagka't siya ay nabigong panghawakan sa Salita ng Diyos.

⁸⁶ Ngayon, alam Niya na si Satanas ay pakakawalan sa gitna nila, kaya binigyan Niya sila ng isang—isang dako upang panatilihan; pagtibayin sila. Buweno, doon, sinong makakaalam ng anumang mas mainam na dako kung saan mapagtitibay, kaysa Diyos, kung Siya ay nagsisikap na pangalagaan ang Kaniyang sariling mga anak?

⁸⁷ Kung nais kong pangalagaan ang munti kong si Joseph, buweno, kapatid, lahat ng bagay . . . At nalalaman kong ang buhay niya ay nakadepende rito, aba, aking . . . at nakaya kong gawin ito. Buweno, kung apatnapung—talampakang kongkreto, na pinatibay, ang—ang bagay na makakagawa nito, iya'y . . . Gagawin ko iyan na siyamnapung talampakan, upang maging tiyak, niyan.

⁸⁸ At kung maiisip ko iyan tungkol sa munti kong anak na lalaki, (na, kung ang mortal niyang buhay ay nawala, ako'y naniniwala ang isang bata ay maliligtas,) gaano pa kaya, sa Diyos, sa Kaniyang anak na Magpasawalang-hanggang mapapahamak! Sa anong likuran ba Niya dapat ilagay siya? Inilagay Niya siya sa likod ng Kaniyang Sariling salita. Habang kayo ay naroon sa Salitang iyan, kayo ay ligtas. "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang mga Salita ko'y sa inyo, kung gayo'y sadyang hingin ang anomang inyong ibig," Iyan ito, ang Salita.

⁸⁹ Kaya, si Eva ay naglalakad-lakad sa hardin, at naraanan niya ang serpiyente, isang napakatalinong tipo ng isang tao. At siya . . . At siya'y nagsimulang . . . Ngayon, siya ay nasa kabilang panig. Ang Diyos ay nabubuhay, nananahan, gumagawa sa kapakumbabaan, hindi kailan man sa iba ng paraan. Kita n'yo? Ngayon, ang munting, mapagpakumbabang binibini ay naglalakad ng patuloy roon, at si Satanas ay lumitaw bilang isang tuso, madaya, at matalinong tipo ng isang tao. At nais niyang ibenta sa kaniya ang programa. Habang . . .

⁹⁰ Kahit gaano pa kadalas si Satanas; habang siya'y nananatili sa likod ng Salitang ito, siya ay mabuti. [Tinapik ni Kapatid na Branham ang kaniyang Biblia—Pat.] Kita n'yo? Kaya, hayaan lamang si Satanas na gawin ang nais niyang gawin; manatili ka lamang kasama ng Salita. Walang kahit kaunting bagay na pagbabago.

Kung sasabihin niyang, "Bakit, ikaw ay may sakit."

"Sa pamamagitan ng Kaniyang mga latay ako'y pinagaling."

"Buweno, ikaw ay mamamatay."

"Bubuhayin Niya akong muli. Ipinangako Niya ito."

⁹¹ Kita n'yo, manatili lamang sa likod ng Salita. Iyan ang lahat. Si Cristo ay bumalik sa Salita, Siya mismo. "Ito'y nasusulat." Kita n'yo? Ngayon, manatili sa likod ng Salita.

⁹² Ngunit, si Eva, siya ay nagpasimulang tila magpabaya, ngunit hindi niya iyan pinabayaang lahat. Hinayaan lamang niya ang isang parirala na mawala. At iyan ang nais ni Satanas na gawin niya. Nakuha niya siya mula sa likod ng pangako ng Diyos, sa pamamagitan ng pangangatwiran.

Huwag na huwag tatangkain na pangatwiranang ang Salita ng Diyos. Sampalatayanan lamang Ito! Kita n'yo?

⁹³ Kaya, siya ay humakbang palabas mula Roon. At bago pa makalapit si Adam sa kaniya, bilang isang asawa, para isang asawa, siya ay nadungisan na ni Satanas. At siya'y . . .

⁹⁴ At napansin n'yo ba? Si Cristo ay gumawa ng katulad na bagay, nang tamang-tama. Ngayon, sa pagtutubos, ang Diyos ay dapat na maparoon muna. Napansin n'yo ba? Si Maria, bago

siya lumapit kay Jose, nauna nang nakarating doon ang Banal na Espiritu. Amen. Kita n'yo? Diyan dumating ang Manunubos.

⁹⁵ Ngayon, ngayon pansinin, ang natural na babae ay nahulog, at gumawa ng isang paraan ang Diyos para sa kaniya upang matubos. Kahit na siya ay nahulog, Siya'y gumawa ng isang paraan.

⁹⁶ Ngayon, iyan ang unang nobya sa daigdig, nahulog, bago ang kaniyang asawa at siya ay naikasal. Siya ay nahulog, sa—sa kadahilanan ng—ng pangangatwiran, sa halip na manatiling kasama ng Salita. Siya ay nahulog. At siya'y nahulog sa kamatayan, Walang-hanggang pagkakahiwalay. Kasama niya, kinuha niya ang kaniyang asawang lalaki at lahat ng iba pang mga bagay na mayroon sa daigdig. Siya'y nahulog!

⁹⁷ Ngayon, ngunit, ang Diyos, na puno ng habag, ay gumawa ng isang paraan upang tubusin ang babaeng iyan. At ngayon ipinangako Niya sa kaniya, sinasabi sa kaniya na sa isang pagkakataon, sa hinaharap, ang tunay na Salita ay darating muli sa kaniya. Ang tunay na Salita ay mahahayag muli sa kaniya. Ngayon tandaan iyan. Pagka't, Kaniyang ipinangako si Cristo, sa pamamagitan ng babae.

⁹⁸ At si Cristo ay ang Salita. San Juan 1, “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nagkatawang tao ang Salita,” kita n'yo, “at tumahan sa gitna natin.” Ang Diyos ay tumahang kasama natin sa laman. Siya ang Salita.

⁹⁹ Bago ang isang Salita, ito'y isang kaisipan. At ang isang kaisipan ay kailangang malikha. Tama. Kaya, ang mga kaisipan ng Diyos ay naging nilikha nang ito ay mabigkas, sa pamamagitan ng isang Salita. Iyan ay nang Kaniyang ibinigay ito sa—sa iyo bilang isang kaisipan, Kaniyang kaisipan, at ito'y nahayag sa iyo. Pagkatapos, ito'y nananatiling isang kaisipan hanggang *iyong* salitain ito. Iyan ang dahilan . . .

¹⁰⁰ Si Moises ay lumabas upang manalangin. Ang Haliging Apoy na iyan ay nakapalibot sa kaniya, at ang sabi Niya, “Humayo ka, itaas mo ang iyong tungkod patungong silangan, at sabihin, tumawag ka para sa ‘mga langaw.’ ”

¹⁰¹ Walang mga langaw. Ngunit siya'y nagtungo at itinuro ang tungkod doon, at sabi, “Magkaroon ng mga langaw.” Wala pang mga langaw, gayun man. Nagbalik. Ngunit ang mga salita, kaisipan ng Diyos, ay natapos nang bigkasin. Ito'y isang salita, ngayon ito'y kailangang maganap.

¹⁰² Ngayon hindi n'yo ba nakikita kung saan sinabi ni Jesus? “Kung sasabihin mo sa bundok na ito; hindi kung Aking sasabihin iyan. Kundi *iyong* sabihin sa bundok na ito, ‘Lumipat ka.’ ”

103 At ang unang bagay, palagay ko, sa kapanahunan ni Moises, malaking matandang berdeng langaw ay nagpasimulang humiging. At, matapos ang ilang sandali, sila ay limang libra kada yarda. Kita n'yo? Saan sila nanggaling? Siya . . . Nilikha sila ng Diyos. Hindi n'yo ba nakikita kung paano . . .

104 Magagawang wasakin ng Diyos ang mundong ito ngayong gabi, ng—ng mga niknik, kung nais Niya. Buweno, magagawa Niyang magsalansan ng mga niknik deretso sa buwan. Ang tanging bagay lamang na gagawin Niya ay sabihing, “Magkaroon ng mga niknik, sa buwan.” Iyan nang lahat na magkakaroon doon. Walang mga kemikal o anumang, sila’y patuloy lamang na lalago, lalago, patuloy na lalago. Kita n'yo?

105 Magagawa Niya ang anumang naisin Niyang gawin. Siya ay Diyos, ang Manglilikha. Ang tanging bagay lamang na gagawin ay bigkasin lamang ito. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri ng minsan—Pat.] Iya’y tama. Siya ang Manglilikha. Ngayon, kung atin lamang napapagtanto kung gaano Siya kadakila! Kita n'yo? Ginagawa lamang Niya kung anong naisin Niyang gawin.

106 Siya’y nakaupo roon sa kaitaasan at tumitingin sa mga tao, at ang mga munting mga tagapagturong ito, nagpapakadalubhasa, at, “Walang Diyos,” at—at lahat ng bagay. Huh! Aba, para silang nasa Babel, muli. Babel, pala.

107 Ngayon napansin natin na sinabi ng Diyos kay Eva, na, “Pagkaraan ng mahabang panahon, ang Salita ay magbabalik sa iyo.” Ngayon, paano siya nahulog? Nais kong sabihin ito ng mga mag-aaral ko. Mula sa ano siya nahulog? Mula sa ano nahulog si Eva? Ang Salita. Tama ba iyan? [Kongregasyon, “Ang Salita.”—Pat.] Ang Salita. At sinabi ng Diyos na Siya ay gagawa ng isang paraan upang tubusin siya pabalik sa Salita muli. Tama. Makaraan ang napakahabang panahon, ang Salita ay mahahayag sa kaniya. Tama. Ang Salita ay darating para sa isang layunin ngayon. Kumapit ng mahigpit ngayon, ang sinasabi ko. Ang Salita ay darating sa kaniya para sa isang layunin, iyan ay para sa katubusan. Tama.

108 Ngunit, hanggang—hanggang doon, siya ay mayroong panghalili na—na gagawa hanggang ang oras ay dumating para sa orihinal na Salita. Ngayon nauunawaan n'yo—n'yo bang malinaw? [Kongregasyon, “Amen.”] Kita n'yo? Sinabi Niya sa kaniya na ang Salita ay darating muli sa kaniya, ngunit, hanggang sa panahong iyan, binigyan Niya siya ng isang panghalili hanggang ang oras na iyan ay dumating. Kaya, binigyan Niya siya ng isang handog na gagawin, isang panghalili para sa Dugong iyan.

109 Ngayon, ang dugo ay sa mga toro at tupa, at mga kambing at mga bagay, ngunit hindi nito inalis ang kaniyang kasalanan. Kita n'yo? Tinakpan lamang nito ang kaniyang kasalanan. Hindi

nito inialis ito, hindi nga. Tinakpan nito ito. Sapagka't, ito ay dugo ng hayop, at sa dugo ng hayop ay ang buhay ng hayop. Ito ay isang panghalili hanggang ang tunay. . . Ngayon unawain n'yo ito.

¹¹⁰ Ang tunay, na Dugong pantao, bilang pagiging isang taong nilalang, ay nagkatawang tao (Diyos); na walang pagniniig, birhen, ang birheng kapanganakan ang lumikha niyan. Ngayon ang Salita ng Diyos, ang pangako, ay naging Dugo, at nagkatawang-tao sa Katauhan ni Jesus Cristo ang Tagapagligtas. "Ang dugo ng mga toro at mga kambing, at kung anu-ano pa. . ."

¹¹¹ Ngunit ngayon sandali. Dito ginawa ng Diyos ang pangako, sinasabing ito ay mapaparon kapag Ito ay dumating, "Ang Kaniyang Binhi ang dudurog sa ulo ng serpiyente." Ngayon, kung ang kaniyang binhi ay dumating lamang tulad ng nagmula kay Adam, o tulad ng nagmula sa serpiyente, at iba pa, kung gayon ito'y mananatili pa ring makasalanang binhi.

¹¹² Iyan ang dahilan kung bakit umiyak si Juan. Walang sinumang tao, sapagka't walang tao. . . Ang lahat ay nasa kabila, sa kabilang bahagi ng hukay, ang bangin. Ngunit may darating na isang panahon na kung kailan ang panghaliling dugong ito ng hayop ay ihihinto na rin, kapag ang tunay, na Dugong isinaanyong-tao ay dumating: ang Diyos, naging laman at Dugo. Sinabi ng Biblia na Siya nga. Unang Timoteo 3:16, "Walang pagtatalo dakila ang hiwaga ng kabanalan; sapagka't ang Diyos ay nahayag sa laman." Iya'y tama. Ang birheng kapanganakan ang gumawa nito.

¹¹³ Ngayon, ang dugo ng tupa at mga kambing ay nagtakip ng kasalanan, ngunit hindi inalis ito, sapagka't ito ay isang dugo ng hayop. Ngunit ito ay dapat maging mabuti, dapat na maging isang panghalili.

¹¹⁴ At tiyak nga na sila ay—ay nasanay sa panghaliling iyan, at kaya sila'y nagpatuloy na lang.

¹¹⁵ At, kapag, ang tunay, na ipinangakong Salita ay nahayag kay Jesus Cristo, Na Siyang pinatunayan bilang ang Anak ng dakilang Manglilikha, ang Diyos; at pinagtibay, ang Kaniyang Sarili, sa pamamagitan ng pagiging ang buhay na Salita ng Diyos. Whew! Naku! Pinatunayan Niyang Siya nga. Siya'y makakapangusap ng mga bagay upang lumitaw.

¹¹⁶ Wala ni isang tao, o—o anuman sa mundo, na makagagawa niyan. Wala ni isang bagay sa daigdig na makalilikha, kundi ang Diyos. Ang Diablo ay hindi makalilikha. Siya ay isang tagapaglihig ng kung anong nalikha na, ngunit hindi siya makalilikha. Ang kasalanan ay isang katuwirang inilihis lamang. Alam ninyo'ng ibig kong sabihin. Ano ang isang kasinungalingan? Ito'y ang katotohanang inirepresenta ng di tama. Kita n'yo? Ano ang isang pangangalunya? Ang tamang

legal na gawa na inilihis. Lahat ng bagay sa kasalanan, ang kasalanan ay ang Katotohanang inilihis lamang. Ngayon, hindi siya makalilikha.

117 Ngunit nang si Cristo ay dumating, pinatunayang Siya ang Manglilikha. Naroon ang Dugo na naipangako na. Ngayon kung nais ninyong basahin iyan, kayo . . . Tayo'y dumako lamang sandali. Kukunin natin ang oras dito, kahit papaano, ngayong gabi. Ako . . .

118 Pinapanerbiyos ako nito. Palagay ko lahat ay gusto nang umuwi, alam n'yo. At kaya ito'y isang . . . [Kongregasyon nagsabi ng, "Hindi."—Pat.] Ngayon kunin natin ang Mga Gawa 2. Salamat sa inyo. At tayo lamang . . .

119 Mga Gawa 2, at matutuklasan natin kung ito nga ay tama, o hindi, kung Siya nga ay pinatunayan na Siya ay Diyos. O sige. Kunin ang Mga Gawa 2. Ngayon tayo'y pumunta rito sa ika-22 talata, si Pedro ay nangungusap, ang Araw ng Pentekostes.

Kayong mga lalaking taga-Israel, pakinggan ninyo ang mga salitang ito; Si Jesus na taga-Nazareth, isang lalaking pinatunayan ng Dios sa inyo sa pamamagitan ng mga gawang makapangyarihan . . . at mga kababalaghan at tanda, na ginawa ng Dios sa pamamagitan niya sa gitna ninyo, gaya rin kayo inyong . . . ng . . . kayo sa inyong sarili ay nalalaman din:

120 "Isang lalaki na pinatunayan, na ito ay ang Diyos sa inyo." Sa pamamagitan ng mismong mga bagay na Kaniyang ginawa, pinatunayan na Siya nga. Narito si Pedro, nakatayo sa Sanhedrin, sinasabi sa kanila.

121 Nalalaman ni Necedemus ang gayundin. Ang sabi niya, "Rabi, alam naming lahat na Ikaw ay isang gurong nanggaling sa Diyos, pagka't walang taong makagagawa ng mga bagay na ito liban na Siya'y mula sa Diyos." Kita n'yo? Alam nila ito. Ngunit bakit?

122 Ngayon masdan. Ngayon, si Eva ay pinangakuan nito. Ngunit nang . . . Ang Nobyang iyan ay bumaba, at tumanggi, nang ang tunay na Salita ay dumating sa kaniya. Kaya, ang babae ay tumanggi upang kilalanin; ang Hebreong nobya. Sapagka't, siya ang nobya ng—ng Diyos; inilayo Niya siya, sa diborsiyong. Tama ba iyan? Siya ang nobya ng Diyos.

123 Sasabihin ninyong, "Buweno, hindi pa sila kailanman nakakasal." Iya'y tama. Ngunit hiniwalayan ni Jose si Maria bago . . . Hihiwalayan si Maria bago sila makasal. Kita n'yo? Siya ay may kasunduang pakasal sa kaniya.

124 At nang Siya ay dumating, at ang Salita na Kaniyang ipinangako, ay dumating para sa kasalan, natagpuan Niya siyang nababalot sa kaniyang mga panghalili, napakasama, na

ayaw niyang kunin ang tunay na pangako na nagawa, ang Salita, si Cristo.

¹²⁵ Marahil ay hindi ninyo nakuha iyon. Ngayon hayaan n'yo akong magpatuloy tungkol doon muli. Nais kong makuha n'yo ito, kita n'yo.

¹²⁶ Siya ay pinangakuan, (ang nobya, si Eva), upang maging isang Manunubos. Ang kaniyang magiging Manunubos ay ang Salita. At nang ang Salita ay dumating, nagkatawang-tao, tinanggihan niya Ito. Siya ay binigyan ng mga panghalili. Ngayon hawakan iyan, “panghalili.” Binigyan ng mga panghalili upang magpatuloy, hanggang ang Manunubos ay dumating. At nang ang Manunubos ay dumating, nais niyang magpatuloy sa kaniyang panghalili, at tinanggihan ang tunay na Salita. Kita n'yo? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] At iyan nga ang Hebreong nobya.

¹²⁷ Gayun din ang ginawa Niya, sa pamamagitan ng ikalawang Eva, ang nobya, ang ina ng lahat ng espirituwal na nabubuhay. Kita n'yo? Ang *Eva* ay nangangahulugang “ang ina ng lahat,” iyan ay espiritu- . . . “lahat ng nabubuhay.” *Eva*, “ina ng lahat na nabubuhay.”

¹²⁸ Ngayon, at nang Siya ay dumating sa Hebreong nobya, siya ang ina ng lahat na nangabubuhay, ngunit kaniyang tinanggihan Ito.

¹²⁹ Ang natural na Eva ay nahulog, sa Eden, sa pakikinig sa pangangatwiran ni Satanas laban sa Salita ng Diyos. Iyan kung papaano siya nahulog. Tama, ginoo. Siya'y nahulog sapagka't ginawa niya iyan.

¹³⁰ Ang Espirituwal na Eva, ngayon, iyan ang iglesya, ang nobya ni Cristo. Siya'y nahulog, hindi sa Eden, kundi sa Roma, kita n'yo, sa Konseho ng Niceaea, nang kaniyang tinanggihan. Ang pentekostal na iglesyang iyan na nagtungo sa Niceaea, at nakikinig sa Romanong pangangatwiran, sa halip na manghawakan sa Salita, siya'y nahulog. At lahat ng bagay na malayo sa kaniya, namatay na kasama niya, sa paligid niya. Ngayon, tulad nang ang natural na Eva ay nahulog, ang espirituwal na Eva ay nahulog. Ang nobya ng Diyos ay nahulog—nahulog sa hardin; ang Nobya ni Cristo ay nahulog sa Roma. Kita n'yo?

¹³¹ Pansinin, sa pamamagitan ng gayun ding pangangatwiran, laban sa Salita ng Diyos, kaniya ring naiwala ang kaniyang mga karapatan ng kalinisan, kay Satanas. Na, nasumpungan natin sa pagbubukas ng mga Tatak na ito, na iyan ay si Satanas, at nanatili pa ang Satanas doon. Sinabi ng Biblia na iyan ang pinakatrono ni Satanas. At nang naiwala ni Eva ang kaniyang—kaniyang walang bahid-dungis na mga karapatan, at ibinigay iyan kay Satanas, sa hardin ng Eden; ang iglesya, ang nobya ni Cristo, ay gumawa ng katulad na bagay sa Roma, nang

kanilang naiwala ang Biblia para sa kanilang mga aral at mga pangangatuwiran. Nakita n'yo iyan kung paano tumitipo? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.]

¹³² Paganahin n'yo lamang ang mga tipong iyan, kayo'y lalabas na tama. Kung ang kamay ko ay parang . . . Kung hindi ko pa nakita ang sarili ko, at nakita ko ang anino kong dumarating, malalaman ko halos kung anong itsura ko. Kita n'yo? Ngunit, iyan ang paraan. Kung nais mong makita kung anong darating, tingnan kung anong nakaraan. "Sapagka't ang . . . lahat ng mga lumang bagay ay mga anino ng mga bagay na darating," ang sabi ng Biblia. Tama.

¹³³ Sapagka't, ipinagpalit niya ang kaniyang walang-bahid dungis na Salita, ang Salita ng Diyos, nang kaniyang ipinagbili ang Biblia, at naglagay ng isang tao roon na nagsasabing ang iglesya ay mayroong mga karapatan upang baguhin ang anumang nais nilang baguhin. At ginawa nila ito. At ang nobya ni Cristo, ang pentekostal na nobya, ay ipinagbili ang kaniyang kalinisan, sa Nicaea, tulad ng pagbebenta ni Eva ng kaniyang kalinisan kay Satanas sa hardin ng Eden. Tamang-tama. O sige.

¹³⁴ Ipinangako ng Diyos; sa iglesyang ito, ang pentekostal na iglesyang ito, nalalamang gagawin niya iyan; tulad ng ginawa Niya kay Eva, ipinangako ng Diyos.

¹³⁵ Ang pentekostal na iglesya, naniniwala ba kayo na ipinagbili niya ang kaniyang mga pagkapanganay, bago . . . ang kaniyang kalinisan, nang siya'y umalis doon? Naniniwala ba kayo riyang? [Kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siya, tiyak, ginawa niya. Kung gayon anong buti ng isang kredo, na hindi base sa Bibliang ito? Nais kong may isang humanap ng tinatawag na Kredo ng mga Apostol, o isang mang salita niyan sa Biblia. Iya'y isang kredong Katoliko, hindi kredo ng mga apostol.

¹³⁶ Basahin ang Mga Gawa 2:38, iyan ay Kredo ng mga apostol, kung mayroon man Siyang anuman. Oo. Kita n'yo? Ngayon, iyan ang ginagamit nila sa lahat ng pagkakataon, kahit papano. Kaya kung ikaw . . . Kita n'yo?

¹³⁷ Kaya, ipinagbili nila ang kanilang mga pagkapanganay. Hindi lang iyan, mga Metodista, mga Baptist, Presbyterian, mga Pentekostal, ang iba pa sa kanila, ay gumawa ng gayundin. Siya'y bumuo ng isang denominasyon. Ang Roma, anong nagtulak sa kaniyang gawin iyan, siya'y bumuo ng isang denominasyon at naglagay ng isang tao na pinakapinuno nito. At ang mga Metodista, mga Baptist, mga Pentekostal at bawat isa, ay nakagawa ng katulad na bagay, naglagay ng isang grupo ng mga tao na pinakapinuno nito. Kahit anong sabihin ng Diyos, sila'y . . . Kailangang n'yong gawin ito sa paraan na sinabi nilang gawin ito.

¹³⁸ Buweno, ano ito? Ito ay walang anuman sa mundo kundi espiritwal na prostitusyon, ang maling tipo ng babae; opo, ginoo,

mga kredo, nagsisipagsinungaling na mga kredo, gawa ng tao. Pagkatapos siya'y naging, nang ginawa niya iyan. . . Ngayon patutunayan ko ito. Siya ay naging isang patutot, sa Diyos. Pinaniniwalaan n'yo ba na sinasabi iyan ng Biblia? Opo, ginoo. Ang mga anak niyang babae ay nakagawa ng gayundin.

¹³⁹ Ngayon sa Apocalipsis 17, kung nais n'yong markahan iyan. Si Juan ay dinala sa Espiritu, "At nakakita ng isang bantog na patutot na nakaupo sa . . ." At binasa natin iyan kagabi. At naroon ang pitong mga burol, at tamang-tama kung anong nagawa niya. At ibinigay niya sa mundo ang marumi niyang mga pakikiapid. Tama ba iyan? "At ang lahat ng mga hari ng mundo ay nakagawa ng mga pakikiapid sa kaniya," mangdaya, at magnakaw, at magsinungaling, at pagbabayad para sa pagsisisi, at—at mga nobena, at bawat iba pang bagay.

¹⁴⁰ Buweno, ngayon tandaan, siya ay may mga anak na babae. Buweno, kung siya ay naging isang katawan, at nasa ilalim ng isang sistemang organisasyonal, kung gayon ang buong sistema ay mali. At kung si Eva, sa pagsuway sa Diyos, ay itinapon lahat ng bagay patungo sa kamatayan, na nasa ilalim niya; at bawat iglesya na nagtatatag, ay itinatapon ang lahat ng bagay sa kamatayan, sa ilalim nito. Tamang-tama. Ang buong bagay ay nawala. Iya'y tamang-tamang ayon sa Salita rito. Basahin ang Apocalipsis 17. At sinabi ng Biblia na Kaniyang "susunugin siya ng apoy, at lahat ng kaniyang mga anak kasama niya." Iya'y tama. Iyan ay nangangahulugang, bawat organisasyonal na sistema ay masusunog, kasama ng patutot.

¹⁴¹ Ngayon, sa pandinig iyan ay tiyak, at ako—nalalaman kong makaririnig kayo mula riyang, at ako'y—ako'y nagnanais na makarinig mula riyang. At ako—ako'y. . . Iya'y tama, kung sa bagay. Sinabi nga ng Biblia, kaya ginawang tama niyan ito.

¹⁴² Siya ay naging isang "patutot." Mababasa n'yo iyan sa Apocalipsis, ang ika-17 kabanata. Siya, anong ginawa niya? Siya ay nakagawa ng mga pakikiapid, laban sa kaniyang sariling Asawang Lalaki. "Buweno," masasabi ninyong, "hindi, iyan ay ang Biblia." Ang Salita ay Diyos. At kung kayo'y mag-alis ng isang bagay. . .

¹⁴³ Gugustuhin n'yo bang ang inyong asawang babae ay makikipaghalikan sa ibang lalaki? Kung hindi man siya gumawa ng anumang higit pa riyang, hindi n'yo nanaising gawin niya iyan. Patutunayan niya ang kaniyang pagiging di-totoo.

¹⁴⁴ "Sinumang mag-alis ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isa Roon." Aleluyah! Nais ni Cristo na ang Kaniyang Asawang Babae ay dalisay sa Salita. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng apat ng beses—Pat.] Iyan ang paraan na Siya'y nararapat.

¹⁴⁵ Pagka't, walang bagay, ni isang katiting, o isang jittle, o anumang bagay, o tuldok, ang lilipas mula sa kautusang iyan, o

mula sa Aklat na iyan, hanggang sa lahat ng Ito'y matupad. Sabi ni Jesus, "Ang langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi lilipas."

¹⁴⁶ Huwag maglalagay ng anumang sariling pagpapaliwanag Dito. Nais Niya ng isang puro, dalisay, wala ni isang pag-alembong. Hindi ko nanaising ang asawa ko ay umaalembong sa ibang lalaki. At kapag kayo'y nakikinig sa anumang uri ng mga katwiran, na lampas Diyan, kayo'y nakikinig, kayo'y umaalembong kay Satanas. Amen! Hindi ba ito nagpapadama sa inyo ng pagiging relihiyoso? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Nais ng Diyos na kayo'y manatiling dalisay. Manatili mismo roon kasama ng Salitang iyon. Manatili mismong kasama Nito. Tama.

¹⁴⁷ Ang Diyos ay nangako sa kaniya, tulad ng ginawa Niya kay Eva sa hardin ng Eden, sa huling Eva na ito rito. Na, ang pentekostal na iglesya, ang pasimula ng iglesya, ang iglesya mismo, ay ang ina ng lahat ng mga nabubuhay na tao, sapagka't, hangga't sila'y tumutungo roon. Ngunit, nakita n'yo, nang kunin nila ang kaniyang mga kasalanan, sila'y nangamatay na kasama niya.

¹⁴⁸ Heto dumarating ang isang munting tao. Ang sabi niya, "Ako—nais kong paglingkuran ang Diyos."

¹⁴⁹ Sasabihin nila, "Buweno, heto ang gagawin mo. Bumaba ka roon at magsisi."

"O sige, gagawin ko ito. Kaluwalhatian sa Diyos!" Pumunta roon, nagsisi.

¹⁵⁰ "Ngayon halika sumali sa amin." Hayan, hayan ka na. Uhhuh. Kita n'yo? Hayan nakuha ito. Huh! Iya'y tama, namatay mismo kasama nito. Kita n'yo? Kita n'yo? Iya'y sadyang... Iyan ang itinuturo ng Aklat na ito, kita n'yo, hindi kung anong sinasabi ko. Sapagka't, Iyan ay sinasabi Rito, totoo. Tama.

¹⁵¹ Ngayon, ipinangako sa kaniya ng Diyos, tulad ng ginawa Niya kay Eva. Sinabi niya kay Eva na mayroong darating na isang panahon na ang—ang Salita ay babalik muli sa kaniya. Ngayon natatandaan n'yo ba iyan? Kung mula sa ano siya nawala, iyan ay maibabalik. Pagka't, mayroon lamang isang Bagay na makapagbabalik, at iyan ay ang Salita. Tamang-tama.

¹⁵² Ang sabi ko, paputukin ang isang baril; kung hindi mo natamaan ang inaasinta, hanapin kung saan ito lumihis. Kailangan mong bumalik doon at mag-umpisa muli. Kita n'yo?

¹⁵³ At kung ikaw ay babalik, pumunta ka sa Nicaea. Diyan ka mag-uumpisa muli, kita n'yo. Bumalik, lumayo sa kanilang mga organisasyon, lumayo sa lahat ng mga iglesyang iyan. Nakikita na natin ang mga Tatak na ito ng sadyang ganap na ganap.

¹⁵⁴ Palagi kong pinagtatakhon, sa buong buhay ko, kung bakit ako ay tutol na tutol sa mga sistemang maka-organisasyon.

Hindi sa mga tao, hindi. Ang mga tao ay katulad ko lamang o ninyo, o kaninuman. Ngunit ang sistemang iyan, ang sistemang maka-denominasyong iyan, ngayon nakita ko iyan mismo rito. Hindi ko iyan nalaman hanggang ngayon. At Iya'y tama.

¹⁵⁵ Ipinangako ng Diyos sa espirituwal na Eva, ang gayun ding ginawa Niya sa natural na Eva, na muli ang Salita ay maibabalik sa kaniya. Sa mga huling araw ibabalik Niya sa Iglesia, sa orihinal na Salita muli.

¹⁵⁶ Ngayon pagmasdan ng talagang maigi. Ako—nais kong kayo'y maging tiyak ngayon. Ipinangako ng Diyos kay Eva, ang panahon ay darating na ang Salita ay ibabalik ng kaniyang Binhi. Ang Salitang Ito, Mismo, ay magiging Binhi. At nang binigyan nila siya ng isang panghalili, pinanghawakan niya ang panghaliling iyan. At nang ang Salita ay dumating sa kaniya, anong ginawa niya? “Hindi ko gusto Iyan.” Iyan ay napaka-mapagkumbaba. Hindi mukhang tama, sa kaniya. Hindi sapat na malinaw. “Isang kuwadra? Oh, naku! Naku! Isang Lalaking tulad niyan, wala ni isang araw sa paaralan? Buweno, hindi ko matatanggap Iyan. Hindi Iyan Mesiyas. Isang Lalaking hinahayaang sipain Siya ng mga lalaki sa paligid tulad niyan, at pagkatapos tatawagin Itong ‘Mesiyas’? Hinahayaan silang maglagay ng basahan sa buo Niyang mukha, pagkatapos ay paluin Siya sa ulo? At tinatawag niya ang Sarili Niyang isang Propeta, isang tunay na Propeta, na ibinangon?”

¹⁵⁷ Sa totoo, hindi nila alam ang mga propeta. Sinabi nga ni Jesus. Ang sabi Niya, “Kung nakikilala ninyo ang mga propeta, makikilala ninyo Ako.” Iya'y tama.

¹⁵⁸ Ngayon pansinin. Ngunit nang ang Salita ay dumating sa kaniya, sa paraang, sadyang tamang—tama sa paraang sinabi ng Diyos na Ito ay darating; inisip niya Ito sa ibang paraan. Ako'y nangungusap tungkol sa nobya, ang Hudyong nobya, ang Hebreong nobya. Iyan ay si Eva, sa pasimula pa. Pagkatapos nang Ito ay lumabas dito, hindi niya gusto Ito. Ginusto niyang manatili sa kaniyang mga panghalili.

¹⁵⁹ Ngayon, ipinangako ng Diyos sa espirituwal na Eva, sa Pentekostes, sinabi ito bago pa ito maganap, apat na raang taon bago ang iglesia ay nahulog, na sila ay mahuhulog, at gagawin nila kung anong kanilang nagawa. Ngunit, ipinangako Niya, sa mga huling araw isusugo Niya ang Salita muli.

¹⁶⁰ Si Jesus ay nangusap ng gayun ding bagay nang Siya ay nasa lupa; isusugo Niya Ito muli. At ano ang...Ano ang daratnan Nito? Daratnan Nito ang gayun ding bagay na nadatnan Nito noong Ito ay unang dumating. Tama. Sila'y nagkaroon... Kanilang, gusto nila ang kanilang mga panghalili. Gusto nila ang kanilang mga denominasyon. Gusto nila ang kanilang mga kredo. Gusto nilang mamuhay sa kung paanong paraan lamang nila nais. At gusto nila, “Buweno, Ako'y *si Kuwan-*

at-*kuwan*. Ako’y nabibilang kay *Kuwan-at-kuwan*.” Walang anumang pagkakaiba kung anong ginagawa ng Diyos, gaano man Niya iinihahayag ang Kaniyang Sarili; magagawa Niyang ibangon ang patay; magagawa Niyang sabihin ang mga lihim ng mga puso; magagawa Niya ang lahat ng bagay na sinabi ng Biblia na Kaniyang gagawin. Iyan ay wala kahit kaunting pagkakaiba. “Kung hindi iyan konektado sa organisasyon ko, walang anuman Diyan.” Kita n’yo?

¹⁶¹ Siya ring bagay na ginawa ng Hebreong nobya, iya’y tama, kita n’yo, sila’y nangagsipakinig sa kanilang mga panghalili. At ang Diyos ay nangako sa kanila ng tunay. At nang ang tunay ay dumating, hindi nila gusto Ito. Ito ay napaka mapagpakumbaba.

¹⁶² Ngayon ito’y katulad na bagay ngayon, nang—nang Ito ay lumitaw sa kaganapan. Ngayon, sabi ng Diyos, sa Malakias 4, na isusugo Niya ang Mensahe sa huling mga araw, na magpapanumbalik. Sabi ni Joel, “Ipanunumbalik Ko ang lahat ng mga taon.” Lahat ng mga bagay na kinain ng Roma, at lahat ng mga bagay na kinain ng mga Metodista, at lahat ng mga bagay na kinain ng mga Baptist, na mula sa orihinal na pentekostal na sangang iyan, sabi ng Diyos, “Ipanunumbalik Ko sa huling araw.” Iya’y tama.

¹⁶³ At Siya’y makapagsusugo sa atin ng isang tao na magiging. . . Ang tanging bagay na pinapadalhan ng Diyos ng Kaniyang Salita ay isang propeta, hindi sa mga repormador; sa mga propeta. Hindi iyon ang oras para roon. Ngayon magiging oras na, at iyan ang dahilan na tayo’y nagmamasid para sa pagdating nito. Ito’y magiging napakapayak at napakalamyos! At kaya. . . Oh, naku!

¹⁶⁴ Sa palagay n’yo ba silang mga aristokratikong mga Metodista, mga Baptist, at Presbiteryano, mga Pentekostal, ay tatanggap Nito?

“Oh,” sasabihin ninyong, “Mga Pentekostal?”

¹⁶⁵ Ang mga Pentekostal ay ang mga Laodicea. “Mayaman, at walang kailangang anu pa man.”

¹⁶⁶ Ang sabi Nito, “Hindi mo alam na ikaw ay mahirap.” Maaring nagpapatayo ng mga milyun-milyong mga dolyares na mga gusali, ngunit ikaw ay mahirap pa rin, espirituwal na mahirap.

“Oh,” sasabihin ninyong, “Nakikita ko Itong lahat.”

“Ikaw ay bulag!”

“Buweno,” sasabihin ninyong, “purihin ang Diyos, ako’y naramtan.”

“Hubad!”

“Buweno, tiyak ako sa aming mga kalalakihan. Kami’y mayroong mga seminaryo. Kami’y. . .”

167 “At hindi nalalaman ito.” Ngayon iyan ay kabaliktaran lamang. Ngayon, kung sinabi ng Biblia na ang Iglesyang Laodicea ay magiging sa kondisyong iyan. . .

168 At walang tao sa daigdig na makatatagti na hindi ito ang huling kapanahunan, sapagka’t, ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, o, ang ikapitong kapanahunan ng iglesya. At, heto na tayo, ang ikalawang dalawang libong taon ang tumatapos nito. Wala ng mga kapanahunan pa ng iglesya. Iyan ang dahilan kung bakit kayong mga Latter Rain na kapatiran ay hindi na makapagsisimula ng panibagong organisasyon. Hindi na magkakaroon ng anupaman. Iya’y tama. Ito’y nasa katapusan na. Amen. Hindi na maaaring magkaroon pa ng mga kapanahunan ng iglesya. Lahat ng ito’y tapos na.

169 Ngunit kung gayon kung ang pentekostal na mensahe ang huling mensahe. . . Na, pag-aaring ganap, pagpapaging-banal, ang bautismo ng Espiritu Santo, ang huling tatlong mga mensahe, ang huling tatlong mga kapanahunan ng iglesya ang bumubuo sa kumpletong Kapanganakan.

170 Tulad na lamang kapag ang isang babae ay nagkakaroon, isisilang ang kaniyang sanggol; ang aktuwal na unang bagay na nagaganap ay tubig, ang susunod na bagay ay dugo, ang susunod ng bagay ay buhay.

171 Nang pinatay nila si Jesus sa krus, ang sangkap ay lumabas mula sa Kaniyang katawan, upang gawin ang bagong. . . upang gawin ang—ang Kapanganakan. Sinibat nila ang Kaniyang tagiliran, ang Dugo at tubig ay lumabas, at, “Sa Iyong mga kamay Aking ipinagkakatiwala ang Aking Espiritu.” Ang lumabas mula sa Kaniyang katawan ay tubig, Dugo, Espiritu.

172 Ngayon, sa Unang Juan 5:7 ay nagsasabi sa inyo tungkol diyan, “Mayroong tatlo na nagpapatotoo sa Kalangitan, ang Ama, ang Salita (na siyang si Cristo,) at ang Espiritu Santo.” At ang tatlong ito ay nagkakaisa; hindi sila isa, ngunit sila’y nagkakaisa sa isa. At mayroong tatlo na nagpapatotoo. . . O, “Sila ay isa,” ang ibig kong sabihin. Ako’y nagkamali riyan. “At ang tatlo na nagpapatotoo sa lupa, ang tubig, Dugo, at Espiritu, at sila’y nagkakaisa .”

173 Kayo ay maaaring maging banal na hindi inaring-ganap. At kayo ay maaring ariing-ganap na hindi nagiging banal. Kayo ay maaring maging banal na hindi natatanggap ang Espiritu Santo. Iya’y tamang-tama.

174 Ang mga alagad, sa Juan 17:17, ay pinabanal at pinagkaloobang kapangyarihan na magpalayas ng mga diablo, ngunit nanatiling hindi taglay ang Espiritu Santo. Kita n’yo? Tiyak. Kailangang pumunta sa Pentekostes, at maghintay hanggang ang Espiritu Santo ay dumating.

175 Diyan ipinakita ni Judas ang kaniyang mga kulay. Nakita n’yo kung paanong ang espiritung iyan ay gumawa ng kaniyang

daan patungo sa pag-aaring-ganap, pagpapaging-banal? Ngunit nang iyan ay dumating sa katapusan, ipinakita niya ang kaniyang mga kulay. Kita n'yo? Iya'y tama.

¹⁷⁶ Ngayon pansinin, ngayon, at tayo'y narito sa huling kapanahunan. At ang espirituwal na Eva, tulad lamang ng nat- . . . tulad ng Hebreong Eva na pinangakuan, ang Hebreong nobya ay pinangakuan ng Salita upang bumalik. At ang espirituwal na nobya mula sa Pentekostes, nang siya ay nahulog sa Nicaea, pagkatapos siya ay napangakuan sa huling mga araw na ang Salita ay darating muli. Ngayon sasabihin ninyong, kung gayon. . .

¹⁷⁷ Nais ninyo ng panibagong Kasulatan, kunin banda rito, Apocalipsis 10. At ang sabi, "Sa oras, ang panahon ng—ng huling anghel, ang ikapitong anghel (ikapitong mensahero) ay nagpasimulang humihip, ang hiwaga ng Diyos ay tapos na." Kita n'yo? Ang pagpapanumbalik muli sa Salita! Sinabi ng Biblia na ang mensaherong ito ng huling mga araw ay magiging, "Ipapanumbalik sila pabalik sa orihinal na Pananampalataya muli, pabalik sa Pananampalataya ng mga ama." Ngunit sa palagay n'yo ba'y tinanggap nila Ito? Hindi, ginoo. "Mga huling araw, Kaniyang isasauli ang orihinal na Salita muli," tulad ng sinabi Niya sa Malakias 4.

¹⁷⁸ Ngunit ipinagpalit niya. Ngayon, ipinagpalit niya ang Salitang iyan sa Nicaea. Ipinagpalit ni Eva sa Eden; Tinanggihan ni Eva ang sa kaniya sa Kalbaryo. At tinatanggihan Iyan ng grupo ng Nicaea sa mga huling araw, katulad lamang. Naku!

¹⁷⁹ Ngunit nang ang Salita ay dumating sa pantaong laman, siya, si Eva, ang Hebreong iglesya, ina ng lahat ng espirituwal na nabubuhay, Ito pagkatapos, kaniyang tinanggihan Ito. Siya ay patay na patay, sa kaniyang mga tradisyon at mga dogma, na di niya Ito nakita. Gayun din ang isang ito, tamang-tama. O sige.

¹⁸⁰ Hindi nila Siya nakita, ang buhay na Salitang nahayag sa laman, sa pamamagitan ng Salita na naipangako. Ang Salita ay nangako na gagawin ang mga bagay na ito. Ang pangako ay nagawa, na iyan ay magiging tulad nito sa mga huling araw. "Tulad ng nangyari sa araw ng Sodoma, gayun din ang mangyayari sa Pagdating ng Anak ng tao." Ngayon masdan kung anong naganap sa Sodoma. "Tulad ng nangyari sa mga araw ni Noe, gayun din ang magaganap sa pagdating ng Anak ng tao." Kita n'yo? Masdan kung anong naganap noon. Kita n'yo? Ngayon, sinabi Niya na iyan ay magiging katulad na bagay, at tayo'y nabubuhay sa araw na iyan. Buweno, at iyan ay maaari, palagay ko, ako'y makakakuha ng anim na raang mga pangakong yaon tulad niyan, mula sa Kasulatan, na sadyang tumutukoy ryan. Kita n'yo? Ngayon, ngunit, tinaggihan nila Ito.

¹⁸¹ Siya'y humawak sa mga tradisyon at panghalili, sa halip na ang—ang. . . Siya ay humawak sa panghaliling dugo, sa halip

na sa tunay na Dugo. Si Jesus, ang Salita, ay nagsabi, nang Iyan ay nahayag sa kaniya, “Sapagka’t siya’y nanangan sa mga tradisyong ito . . .” Si Jesus, ang nahayag na Salita, ay nagsabi sa nobya, sa Hebreong nobya, “Sapagka’t ikaw ay nanangan sa iyong mga tradisyon, ginawa mong walang anumang saysay ang Salita ng Diyos sa iyo. Hindi Ito maaaring maging epektibo.”

¹⁸² Ngayon iyan ang dahilan sa araw na ito, na, ang—ang mga rebaybal na dapat sana’y mayroon tayo, mayroon tayong mga denominasyonal na mga rebaybal. Wala tayong tunay na pagkaka-pukaw ng damdamin. Wala, wala, wala. Wala, ginoo. Huwag isiping mayroon tayong mga rebaybal. Wala tayo. Oh, sila’y mayroong mga milyun at mga milyun at mga milyong mga miyembro ng iglesya, ngunit walang isang rebaybal kahit saan. Wala. Wala.

¹⁸³ Ang—ang Nobya ay hindi pa nagkaroon ng isang rebaybal. Kita n’yo? Walang rebaybal doon, wala pang paghahayag ng Diyos upang pukawin ang Nobya. Kita n’yo? Hinihintay natin ito ngayon. Ito’y mangangailangan ng pitong di-hayag na Mga Kulog sa dako roon, upang gisingin Siyang muli, kita n’yo. Oo, Ipadadala Niya ito. Ipinangako Niya iyan. Ngayon masdan.

¹⁸⁴ Ngayon, siya ay—siya ay patay. At ngayon kung kalilimutan ng mga iglesya ang kanilang mga kredo, at kalilimutan ang kanilang mga dogma, at kunin lamang ang Biblia, pangatawanan ang pangako, kung gayon ito ay magiging mabisa sa kanila. Ngunit, kita n’yo, sabi ni Jesus, “Kayo, kasama ng inyong mga tradisyon, ay ginagawang walang bisa ang Salita ng Diyos sa inyo.” Buweno, iya’y katulad na bagay ngayon sa espirituwal na Eva, kita n’yo, ang espirituwal na nobya sa ngayon, na tinaguriang, ang iglesya. Kinukuha niya ang Salita ng Diyos, at ayaw niyang tanggapin Ito. At tumatanggap siya ng mga dogma, sa halip. Samakatuwid, ang Salita ay hindi epektibo sa kaniya, kita n’yo, sapagka’t tinatangka niyang ipasok ang kaniyang kredo kasama ng Salita, at hindi iyan gagana. Ngayon, ang kailangan natin sa araw na ito . . .

¹⁸⁵ Patuloy ko lang na binabasa ito rito, *Tagapagbalita ng Kaniyang Pagdating*, nasa ulo ng mga balita, “Tayo’y nangangailangan ng isang propeta upang bumalik! Tayo’y nangangailangan ng isang propeta upang bumalik!” At palagay ko, kapag siya nga’y bumalik, wala silang malalaman tungkol diyan. Sadyang . . . Iya’y tama. Iya’y ganiyang paraan palagi, kita n’yo. “Kailangan natin ito,” lahat ng bagay na ipinapangusap ninyo ay, “kailangan natin ng isang propeta upang bumalik, na magdadala ng Salita ng Panginoon, ng walang takot. Kami’y naniniwala na ipinangako iyan ng Biblia.”

¹⁸⁶ Ngayon, kilala ko si Kapatid—Kapatid na Moore at sila, kumain sa kaniyang bahay, at lahat ng iba pang bagay, ang patnugot. At siya ang pinakamainam na tao na—na lumalakad

sa sapatos na balat, palagay ko, isa sa mga pinakamabuting mga tao. Ngunit, kita n'yo, nalalaman niya na kailangang tayo'y magkaroon niyan. At si Kapatid na babaeng Moore, isa sa mga pinakamabuting mga kababaihan, munting... kawawang munting tao, at sila'y nagsakripisyo.

¹⁸⁷ At iyan ay isa sa pinakamainam na mga papel sa larangan, sa opinyon ko, ay *Ang Tagapagbalita ng Kaniyang Pagdating*. Ngunit natagpuan n'yo, lagi nilang isinisigaw iyan, "Kailangan natin ng isang propeta! Kailangan natin ng isang propeta!" Kita n'yo? Naku! Iyan ang sinasabi nila.

¹⁸⁸ At pagkatapos heto tayo, sa araw na ito, at katulad kahapon at ngayong araw na ito, nag-aanunsiyo sa radyo, na... at ang mga iglesyang Baptist at ang iba pa, na, "Hindi natin kailangang tumanggap sa mga Katoliko, ngunit tayo'y parang kailangang makipagtipon sa kanila." Kita n'yo?

¹⁸⁹ At mismo rito, ang Mensahe na lumabas mismo rito, upang, "Lumayo sa bagay na lason na iyan!" Kita n'yo? Kita n'yo? "Paano makalalakad ang dalawa na magkasama liban na sila'y magkasundo?" Ang Liwanag at dilim ay di maaaring magsama. Kapag ang Liwanag ay dumating, ang kadiliman ay aalis. Nakita n'yo? Hindi niyan magagawang... Ang pinakamakapangyarihan! Hindi mo maaaring alisin ang Liwanag, sa pamamagitan ng dilim. Ngunit maaari mong alisin ang kadiliman, sa pamamagitan ng Liwanag. Iya'y tama. At Siya ang Liwanag, at Siya ang Salita. Kita n'yo? Ngayon, hayon na kayo, mismo direktso pabalik. Hindi mo Iyan mapapagsinungaling o mapagagawa ng anumang bagay na mali. Ito'y bumalik mismo roon sa dako muli. Opo, ginoo.

¹⁹⁰ Tulad na lamang ng ilang taong nagsimulang, nagpipilit na makipagtalo sa inyo; kung alam n'yo kung saan tatayo, alamin kung ano ang pinaniniwalaan niya.

¹⁹¹ Ito'y tulad lamang ng pagkuha ng isang koneho at pakakawalan siya sa isang kulungan, at tinakpan mo ang lahat ng butas. Basta tumayo sa may tarangkahan; kailangan niyang bumalik. Iyan lang lahat ang mayroon doon. Kita n'yo? Kailangan niyang bumalik mismo sa may tarangkahan muli, pagka't iyan lang ang tanging paraan na siya'y makalalabas. Ilalabas niya ang ulo niya *rito*, at halos mabali ang leeg niya; at pumunta sa banda *roon*, banda *roon*. Tumayo lamang at panuurin siya, at siya'y darating mismo pabalik. Kita n'yo? Iyan lang lahat.

¹⁹² Iyan lang ang tanging paraan na dapat gawin. Manatili sa Salitang Iyan. Maaari kang magsisigaw sa paligid-ligid, kasama ang iyong mga kredo, sadyang baliin ang leeg mo sa lahat ng dako, ngunit kailangan mong bumalik mismo sa Salitang ito. Kita n'yo? Opo, ginoo. Iyan lang lahat Nito.

193 Ngayon, kita n'yo, sila—sila—sila—hindi nila gusto Iyan. Hindi nila gusto ang Salita ng Diyos. Sapagka't siya'y nanangan sa kaniyang mga tradisyon, pinanatili niya ang Salita ng Diyos mula sa pagiging walang saysay.

194 Katulad ngayon, sa espirituwal na Eva. Hindi niya gustong...Gusto niyang panatilihin ang kaniyang mga tradisyon, at lumayo mula sa Salita ng Diyos. Siya'y nanghahawakan muli sa mga denominasyon, at sa kanilang mga kredo at mga tradisyon ng kaniyang mga nakatatanda, sa halip na kunin ang Salita ng Diyos.

195 At kapag ang pangako ng Salita, sa mga huling araw, ay dinala sa kaniya, hindi niya Ito tatanggapin, sapagka't, sa mga tradisyon niya, tulad ng ginawa ng Hebreong nobya. Ang tunay na Salita, kahit na nahayag, napatunayan, napagtibay, hindi niya tatanggapin Iyan. Bakit hindi niya tatanggapin? Sapagka't naroon ang kaniyang tipo. Hindi niya magagawa iyan. Iya'y tama. Hindi niya malulupig ang kaniyang tipo. Kita n'yo? At iyan ay naihula na gagawin niya iyan, kaya paano ka mananatili mula sa anumang bagay?

196 Ngayon ang tanging bagay lamang na dapat gawin ay sadyang maging masaya na ikaw ay nakapasok. Iyan lang lahat. Maghintay para roon. Tama.

197 Ipinangako ng Diyos, sa mga huling araw, na Kaniyang ihahayag at pagtitibayin ang Kaniyang Salita sa kaniya, at gayun pa ma'y hindi niya gagawin iyan. Lahat iyan, ipinangako sa kaniya ng Diyos, sa pamamagitan ng Kaniyang mga lingkod, ang mga propeta. Ang Diyos ay nangako, sa pamamagitan ni Jesus Cristo. Ang Diyos ay nangako, sa pamamagitan ni Joel. Ang Diyos ay nangako, sa pamamagitan ni Pablo. Ang Diyos ay nangako, sa pamamagitan ni Malakias. Juan... Ang Diyos ay nangako, sa pamamagitan ni Juan na tagapagpahayag, lahat silang mga propeta, tamang-tama lamang kung magiging ano ang huling Mensahe sa kaniya. Ngayon, kung gusto n'yong isulat ang mga ito; siyempre, kilala n'yo silang lahat: Si Jesus, Juan 14:12; at si Joel, Joel 2:38; si Pablo, Ikalawang Timoteo 3; si Malakias, ika-4 na kabanata; at si Juan na tagapagpahayag, Apocalipsis 10, labing-pito, isa hanggang labing-pito. Kita n'yo, tamang-tama kung anong magaganap ngayon! At, sa iglesya, ano Iyan? Ang nagkatawang-taong Salita na naging laman sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan muli! Kita n'yo? At ayaw nilang sadyang paniwalaan Ito.

198 Alam n'yo kung anong sinabi ni Jesus nang nakita Niya Siya... nang gawan Niya sila ng mga himala sa harapan nila, at pinatunayan na Siya ay Diyos? Pinatunayan iyan, ang ginagawa Niya. Siya nga. Nagawang Niya ng tamang-tama. Kaniyang—kaniyang sinabi sa kanila, sabi Niya, "Oh, ikaw, Capernaum, na itinaas sa kalangitan, kung ang mga gawa ay naging...

dakilang mga gawa ay nagawa sa Sodoma, na nagawa sa iyo, ito ay mananatili pa rin sana ngayon.” Iya’y tama. At sa Capernaum, Hindi siya kailanman gumawa ng anumang kundi nagpagaling ng ilang mga tao, at sinabi sa kanila ang mga lihim ng kanilang mga puso, at lumakad palayo. Uh-huh. Iyan ang lahat. Kita n’yo?

¹⁹⁹ Hindi nila alam kung ano ang makapangyarihang mga gawa. Iniisip nila na iyan ay kailangang maging isang dakila’t malaking programa kung saan lahat ng tao ay tatayo, at ang hukom ay gagawa ng isang pananalita, at—at ang mga banda ay tutugtog, at ang mga kulay ay magliliparan, at ang—at ang mga magandang-naramtang mga babae, at ang kanilang . . . at nananatili, at lahat ng Ph.D, mga LL.D, at ang malalaking, matataas na mga sombrero, at nakabaliktad na mga kuwelyo, at lahat na, kailangan nilang lahat na pumasok. “Iya’y bagay na dakila.”

Sinasabi ng Diyos na, “Ito’y kamangmangan.”

²⁰⁰ At Siya’y nagtayo ng isang munting bagay na hindi alam ang kaibahan sa pagitan marahil ng ABC, halos, at gumagawa ng isang bagay na sadyang nagpapaalab sa tunay na Iglesya. At ang iba sa kanila ay nagsasabing, “Isang pangkat ng mga holy roller.” Tinatawag *Iyan* ng Diyos na “dakila,” at tinawag Iyan ng mundo na “kamangmangan.” Tinatawag *iyang* ng mundo na “dakila,” at tinatawag iyan ng Diyos na “kamangmangan.” Kita n’yo, baliktaran lamang. Kita n’yo? At ang bagay na ipinangako ng Diyos, gagawin ng Diyos at nagawa na. Kita n’yo? Narito tayong . . .

²⁰¹ Ngayon, gayun pa man, siya’y nananatiling tulad ng dati, ang Hebreong Eva. Sadyang hindi niya gagawin ito. Mabubuhay mo ang patay; makikita mo ang Espiritu ng Diyos. Si Jesus ay bumaba, pinagtibay ang Kaniyang bilang Anak ng Diyos. Una, Siya’y nagpasimulang mangaral. Buweno, inisip nila, “Buweno, tila isang di-karaniwang lalaki. Sino Siya, gayun pa man?” Buweno, ang unang bagay na alam n’yo, ang mga tao ay nagpasimulang sabihing . . .

²⁰² Siyempre, sinabi nila, noong una, nang ang Kaniyang tagapagpauna ay dumating, si Juan, ang sabi nila, “Ikaw ba ang Mesiyas?”

²⁰³ Ang sabi niya, “Hindi. Ngunit Siya’y nakatindig sa inyong kalagitnaan sa tabi-tabi ryan.” Uh-huh. Kita n’yo? Bakit? Alam niya, kung kailan ang kaniyang mensahe ay naganap, kung anong kaniyang dapat gawin. Alam niya kung ano ang kaniyang gagawin.

²⁰⁴ Tulad na lamang ni Noe na nanatiling binabantayan si Enoc. Nang si Enoc ay umalis, sabi ni Noe, “Mas makabubuting lumapit sa arka. Ang oras ay nalalapit na.” Nanatiling nagbabantay si Noe kay Enoc. Kita n’yo?

²⁰⁵ At si Juan ay nagmasid para sa tanda na sinabi sa kaniya ni Jesus, o sinabi sa kaniya ng Diyos, na bantayan. Ang sabi

niya, “Siya’y nakatayo mismo rito ngayon, sa tabi-tabi riyang na kasama n’yo. Hindi ko Siya kilala, ngunit makikilala ko Siya.”

206 Nakatindig doon, ang sabi nila, “Hindi ba ikaw ang Mesiyas?” Sabi, “Kami ay ipinadala mula sa mga punong-himpilan.” Uh-huh. Sabi, “Ang mga nakatatanda, at lahat, ay ipinadala kami sa dako rito. Kung ikaw ang Mesiyas, bakit hindi ka pumunta at ipakilala ang iyong sarili roon, hindi sa dako rito sa lupon ng mga bagay na ito rito! Pumunta ka roon at ipakilala ang iyong sarili.”

207 Sabi niya, “Hindi ako ang Mesiyas.” Sabi niya, “Ako ang tinig ng isa na sumusigaw sa ilang.”

208 Iya’y tumungo ng lagpas pa sa kanilang mga ulo na matutunguhan nito. Wala silang nalamang anuman tungkol diyan, kita n’yo, at gayun pa man silang lahat ay nag-aabang sa kaniyang pagdating. “Ngunit hindi ito maaaring maging isang lalaking tulad niyan. Oh, naku, iyan ay magiging terrible!”

“Anong paaralan ka nagmula?”

“Wala.”

“Mayroon ka bang tarheta ng pakikipagtipon?”

“Ano iyan?” Kita n’yo?

209 Siya ay pinahiran ng Diyos. Ang sabi niya, “Mayroong isang bagay na mayroon ako. Ang palakol ay nakataga sa ugat ng punong kahoy.” Ngayon, iyan lang lahat ang kaniyang—iyan lang lahat ang tangan niya. Siya’y nangusap sa mga termino ng isang mangangahoy, hindi sa mga termino ng isang saserdote; mga ulupong, at mga palakol, at mga punong kahoy, at kung anu-ano pa. Siya—siya ay hindi nangusap sa mga terminong pansimbahan.

210 Ngunit sinabi ni Jesus na hindi nagkaroon kailanman ng isang propetang tulad niya. “Wala kailanmang isang lalaking ipinanganak ng isang babae, na tulad niya, hanggang sa araw na ito.” Iya’y tama. “Siya ay higit pa sa isang propeta.” Siya ang mensahero ng Kobenante, tumayo mismo sa pagitan ng—ng dalawang dispensasyon, na pumapasok. Kita n’yo? “Higit pa sa isang propeta.”

211 At kaya pagkatapos—pagkatapos ay hindi nila siya nakilala. Hindi nila siya naunawaan. Siya ay tipo ng isang di-karaniwang uri ng lalaki, kaya pinaalis nila siya, kita n’yo.

212 Pagkatapos nang si Jesus ay dumating, pagkatapos, at tiyak hindi Siya tatanggapin, itong anak ng karpentero, walang anumang kagaya niyan, na may isang di-mabuting pangalan sa Kaniyang likuran, ng “anak sa labas.” At, Siya, hindi nila papansinin ang isang lalaking tulad niyan.

213 Ngunit, ngunit tingnan kung anong ginawa ng Diyos. Kinuha Niya ang di-nakapag-aral, mahirap, mga mangingisda, mga

mangangahoy, mga magsasaka, at mga patutot, at hinayaang umupo roon ang mga mataas na pinuno. Bakit? Ano? Bakit Niya ginawa iyan? Bakit Niya ginawa ang isang bagay na ganiyan? Maisip n'yo ba? Sapagka't silang mga tao ay kinilala Siya bilang ang Salita. Ngayon masdan natin sila ng ilang sandali lamang.

²¹⁴ Narito ang isang matandang ignoranteng mangingisda, hindi maisulat ang kaniyang pangalan. Sinabi ng Biblia na siya ay “ignorante at mangmang.” Iniangat niya ang mga isda niya at ibinaba ito. Pumunta sa dako roon at tiningnan kung tungkol saan ang lahat ng ingay na ito. Ngunit sa kaibuturan ng kalaliman niya, alam niya na sinabi ng Biblia na ang Mesiyas. . . . Lahat ng mga Hebreo ay nag-aabang para sa Mesiyas, sapagka't magkakaroon ng isang Iskriptural na bagay na magaganap kapag Siya'y dumating.

²¹⁵ Nagkaroon na ng napakaraming mga mesiyas, tumayo at nagsabing, “Ako Siya,” at pinangunahan silang palayo, sa mga daan-daang bilang, at—at napahamak at lahat na. Ngunit, kita n'yo, iyan ay upang di makilala ang Isang tunay kapag Ito ay dumating.

²¹⁶ Nagkaroon na tayo ng mga kapa at mga kasuotan ni Elias, at bawat iba pang bagay, ngunit iyan—iya'y—iya'y—iya'y sadyang upang di-makilala ang tunay na bagay kapag siya ay dumating. Kita n'yo? Iya'y tama. Lahat ng uri ng mga tao na nagsuot ng mga balabal at mga kasuotan, at nailibing sa lahat ng mga uri ng mga talukbong na nakabaliktad, at lahat ng iba pang mga bagay. Iya'y hindi. . . . Iyan—iyan ay sadyang nagpapatibay lamang. Tulad ng isang pekeng dolyar, nagpapakita na mayroong isang tunay sa kung saan, kung matatagpuan n'yo lamang ito. Kita n'yo?

²¹⁷ Kaya heto Siyang dumarating. Ngayon ang mga matataas na pinunong ito ay lumabas, at sila ay talagang hibang sa kanilang mga panghalili! “Bakit,” sabi nila, “ngayon, kung ang Mesiyas ay darating, Siya'y siguradong pupunta kay Caiaphas. Siya'y pupunta sa aming denominasyon. Siya'y pupunta sa mga Pariseo.” Ang mga Saduceo, “Iyan ang akala ninyo! Siya'y darating sa mga Saduceo.” At naroon sila, kita n'yo, ganun ding bagay na mayroon sila sa araw na ito, ngayon.

²¹⁸ Ngunit nang Siya'y dumating, ito ay kakaiba. Siya'y darating, oh, napakasalungat sa inakala nila, ngunit Siya'y dumating ayon sa Salita. At hindi nila alam ang Salita.

²¹⁹ Hayaan ninyong sabihin ko iyan, tunay, upang kayo'y. . . . ito'y papasok sa kaloob-looban. Nais kong makuha nito ito. Iyan ang problema sa inyo sa araw na ito, kita n'yo, hindi n'yo alam ang Salita! Kita n'yo?

²²⁰ Sabi ni Jesus, “Nakikilala ninyo ang anyo ng mga kalangitan, ngunit ang mga tanda ng kapanahunan ay hindi ninyo nakikilala.”

Sabi, "Mayroon kaming Moises."

221 Kaya, sabi, "Kung nakilala n'yo si Moises, nakilala n'yo sana Ako." Hindi nila kilala si Moises, at kung gayon hindi nga nila alam. Nalalaman lamang nila ang isang kredo na ginawa nila.

222 Ngayon kunin natin ang matandang mangingisdang ito. Ibinaba ang kaniyang basket. Hinawi ang abuhin niyang balbas, at pumaroon, "Ako'y naniniwalang makikita ko kung Sino iyan."

223 Sabi ng Kapatid na lalaki, "Halina. Tayo'y pumunta sa ibaba roon." Sabi, "Iyan ay ang siya ring Lalaki. Iyan ang Lalaking sinasabi nila noong isang araw. . . Ako'y nanatiling kasama Niya buong gabi kagabi. Alam mo Juan, yung sinasabi ko sa iyo?"

224 "Oo, ang mailap na taong iyan sa dako roon! Oo, narinig ko ang tungkol sa kaniya." "Buweno," si matandang Simon, alam n'yo, sabi, "Narinig ko ang tungkol sa kaniya sa dako roon. Oo, siya'y nanggaling sa dako roon, dalawa o tatlong buwan na ang nakalilipas, sa dako roon. Oo."

225 "Buweno, sabi niya. . . At isang araw siya'y nakatayo roon, mayroon siyang sinabing di karaniwang bagay. Sabi niya, 'Alam n'yo, heto Siya dumarating mismo ngayon!' Ang sabi nila, 'Paano mo nalaman?' Tumingin banda roon; sadyang isang ordinaryong Lalaking nakatayo roon. Ang sabi niya, 'Aking nakikita ang Espiritu ng Diyos, tulad ng isang kalapati, na bumababa. Ako'y nakarinig ng isang Tinig na nagsasabing, 'Ito Siya. Ito ang sinisinta Kong Anak na Siya Kong kinalulugdan upang panahanan.' Pagkatapos siya'y lumakad mismo sa tubig at binautismuhan Siya, kung anu-ano pa. Buweno, roon, sinabi niya na kilala niya Siya."

226 "Oh, hindi ko alam," sabi ni Simon. "Narinig ko ng lahat iyan, ng maraming mga pagkakataon." Ngunit heto siya dumarating. Ngunit sa kaibuturan ng kaniyang puso ay isang itinalagang binhi. Kita n'yo? Sabi nga ni Jesus. Tama. Lumakad patungo sa Kaniya. Lumakad. Sabi, "Ako'y darako sa pagtitipon at titingin." Lumakad papunta roon.

227 Si Jesus ay nakatayo roon, sadyang isang ordinaryong munting Lalaki. Lumakad palapit. Ang sabi Niya, "Aba, ang iyong pangalan ay Simon. At ang pangalan ng iyong ama ay Jonas." Iya'y nagpababa sa kaniya. Bakit? Iyang munting, Walang Hanggang Buhay na binhi ay tumama roon. Opo, ginoo.

228 Sabi, "Sandali lamang! Paano iyan? Hindi mo pa ako nakita. Hindi mo rin kilala ang aking ama, pagka't siya'y patay na maraming taon na. Ngunit heto Kang dumating, sasabihin sa akin iyan? Ngayon, nalalaman ko na sinasabi ng Biblia. . ." Ngayon, hindi iyan pagbalik sa kung anong sinasabi ng mga nakatatanda. "Ngunit sinabi ng Biblia na ang Mesiyas ay magiging isang propeta. Hayan Siya. Siya Iyan."

229 Isang araw Siya'y dumaan sa Samaria, pumunta roon kasama ang isang pangkat ng mga Hudyo. Iniwang Niya sila. At itong munting, babaeng may di-magandang karangalan ay lumabas, marahil ay isang magandang munting dilag, alam n'yo. At siya'y pinabayaan sa lansangan, bilang isang bata. At siya'y pumaroon. Marahil may iniisip siyang tungkol sa anong bagay. Siya'y lumakad tungo roon at ibinaba ang kaniyang tapayan. At sinimulan niyang ibaba ang lubid, alam n'yo, kumuha ng tubig. At narinig niya ang Isang Lalaking nagsabi, "Dalhan mo Ako ng maiinom." Siya'y tumingin sa paligid, at doon ay nakaupo ang isang parang nasa gitnang-gulang na Hudyo.

230 Sabi niya, "Sabihin, hindi ba Ikaw ay isang Hudyo? Hindi Mo dapat gawin iyan. Hindi nakaugalian para sa Iyo na makipag-usap sa akin. Ako'y isang Samaritana."

231 Sabi Niya, "Ngunit kung nalalaman mo kung Sino ang kinakausap mo, ikaw ay magdadala . . . hihilingin Mong bigyan kita ng maiinom."

232 Sabi, "Nasaan ang Iyong timba?" Kita n'yo? "Nasaan ang Iyong tali?"

"Buweno," sabi Niya, "ang tubig na Aking ibinibigay ay Buhay."

233 "Ang ano?" Kita n'yo? "Bakit," sabi niya, "bakit, lahat kayo'y nais sumamba sa Jerusalem. At ang aming mga ama'y sumamba . . ."

234 "Oh," sabi Niya, "iya'y tama, ngunit," sabi, "kaming mga Hudyo'y nalalaman kung anong sinasamba namin. Ngunit," sabi, "alam mo, ang oras ay dumarating kung kailan—kung kailan ang mga tao'y hindi na sasamba sa Jerusalem o sa bundok na ito." Sabi Niya, "Sila'y—sila'y sasamba sa Diyos sa Espiritu, sapagka't Siya ay isang Espiritu, Espiritu at Katotohanan." Buweno, siya'y nagpasimulang mag-aral, alam n'yo.

At sabi Niya, "Tumungo't kunin mo ang asawa mo at pumarito."

Sabi niya, "Ang asawa ko? Wala akong sinumang asawa."

235 "Aba," sabi, "iya'y ang katotohanan." Sabi, sabi, "Ikaw ay mayroon nang limang kinasama, at may pang-anim ngayon." At sabi, "Ikaw ay nagkaroon na ng lima. At—at, ikaw, alam mo. Sinabi mo ang katotohanan."

236 Masdan! Ano nga iyan? Iyang Liwanag ay tinamaan iyang binhi. Iyan ay naroroon na, na ipinangusap ng Diyos. Opo, ginoo.

237 Ang binhi ay nasa lupa. Nang inilayo ng Diyos ang tubig, at tinamaan ito ng araw, ito ay lumabas. Iya'y tama. Kita n'yo? Iyan lang lahat ang kailangan nito, ang araw. Nangailangan lamang ng liwanag. Opo, ginoo.

²³⁸ At pagkatapos nang ang Banal na Espiritu, sa Kaniya, ay pinawi ang kaniyang nagdaang buhay, at ipinakita ito sa kaniya, tinamaan Ito ng Liwanag na iyan. Sabi niya, “Ginoo, napagkilala kong Ikaw ay isang Propeta.” Sabi niya, “Ngayon, alam namin, alam ko iyan, na kapag ang Mesiyas ay dumating, na Siya’y magiging ganiyan. At hindi kami nagkaroon ng isang propeta sa loob ng mga daang taon. Hindi kami kailanman nagkaroon ng isang tunay na propeta, sa loob ng mga daandaang taon.” At sabi niya, “Kung paano Mo nasabi sa akin ang tungkol sa aking asawa, at nasabi sa akin kung ilan na ang aking kinasama, at kung anu-ano pa. Aba,” sabi, “Hindi ko maunawaan ito.” Sabi, “Kapag dumating ang Mesiyas, buweno, gagawin Niya iyan. Ngunit Sino Ka?”

Sabi Niya, “Ako Siya.”

Iyan na ito. Kita n’yo? Isang patutot!

²³⁹ At ang mga saserdote’y tumingin sa paligid at nagsabi. . . . Buweno, kailangan nilang managot sa kanilang kongregasyon. Sabi, “Huwag padadaya sa Lalaking iyan. Siya’y—siya’y sinaniban ng isang diablo. Iyan lang lahat.” Ngayon, iyan ang pagkakaiba. Iya’y gayun ding bagay sa araw na ito. Kita n’yo? Gayun ding bagay sa araw na ito, tumama ng sadyang tamang-tama. Oo. Opo, ginoo.

²⁴⁰ Siya, nalaman niya ito, sapagka’t tinamaan Ito ng Liwanag. Kanilang se. . . . Silang mga mangingisda, mga mangangahoy, mga magsasaka, mga maniningil ng buwis, mga patutot, nakita nila sa Kaniya kung anong sinabi ng simpleng mga Kasulatan na gagawin Niya. At ang mga Pariseo ay hindi makakita, dahil sa kanilang mga tradisyon. [Si Kapatid na Branham ay tumigil sandali at kumumpas sa ilang paraan. Kongregasyon ay tumugon ng pasang-ayon—Pat.] Hindi sila makakita, dahil sa kanilang mga tradisyon. Ngunit ang patutot, ang mga magsasaka, at lahat sila, nakita nila Ito, lahat ng nakatalaga. Nang ang mga alinlangan ay gumulong palayo, ang binhi ay nagtungo sa paglago. Iya’y tama.

²⁴¹ Anong ginawa niya? Sabi niya, “Buweno, ako’y nagagalak na nakilala ko ang Mesiyas”? Oh, hindi, kapatid. Mismo sa loob ng siyudad nagtungo siya. Nakalimutan niya ang tungkol sa tubig. Sabi niya, “Halikayo, tingnan ang isang Lalaki na Siyang nagsabi sa akin ng mga bagay na aking nagawa. Hindi ba ito ang mismong bagay na sinabi ng Kasulatan na gagawin ng Mesiyas? Hindi ba ito’y tamang-tama roon?” At nakikita ng mga tao iyang gayun ding bagay.

²⁴² Tulad ng sabi ni Jesus Cristo, sa San Juan 14:12, ito ay magaganap muli. Sinabi rin Niya ito sa Lucas, nang sinabi Niya, “Tulad ng sa mga araw ni Noe.” Kung paano inihayag ng Diyos ang Kaniyang Sarili sa isang Tao, at sinabi kung sino ang nasa likuran Niya; at anong ginawa ni Sarah, na tumatawa

sa loob ng tolda. At lahat ng mga Kasulatang ito, ng Malakias, at iba pa, ay nanghula sa mga huling araw. Sabi ng Hebreo 4, kapag “ang Salita” ay nagbalik. Sinabi ng Malakias 4 na Ito ay babalik sa pamamagitan ng isang tao. Ang Hebreo 4 ay nagsabing, “Napagkikilala ng Salita ng Diyos ang mga kaisipan na nasa puso.”

²⁴³ At nakikita nila iyan na naganap, at lumakad mismo palayo roon. Itinago iyan ng mga tradisyon nila at ginawa itong walang saysay. Buweno, tayo’y narito lamang. Iyan lang lahat. Uh-huh.

²⁴⁴ Alam n’yo, Siya’y makagagawa ng katulad na bagay sa araw na ito. Siya’y darating mismo sa eksena at gagawa ng gayun ding mga bagay na ginawa Niya noon, tulad ng sinabi Niyang gagawin Niya. Kita n’yo? Siya’y nangakong gagawin ito. Siya’y nangakong gagawin ito. At kung Siya’y gagawa ng gayun ding bagay, ang mensahero ng Laodicea ang dapat gumawa nito.

²⁴⁵ At pagkatapos kung nakita ng iglesyang Laodicea na ito ay naganap, gagawin nila ng sadyang tamang-tama ang tulad ng ginawa ng Hebreong iglesya sa pasimula. Kahit na gaano pa kabuti Itong pinagtibay, oh, gagawin nila iyan. Kahit papano. Oh, naku!

²⁴⁶ Ngayon, sinasabi Nito na ito’y mangyayari. Tayo’y babalik sa orihinal na Salita, at maipapahayag tulad ng naipangako, upang ipanumbalik muli ang Pananampalataya, orihinal na Pananampalataya, muli. At kung inihayag Niya ang Kaniyang Sarili na Siya ay nananahan sa kalagitnaan ng Kaniyang bayan, sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito; maaari pa Niyang magawang ipakuha ang Kaniyang larawan, maka-siyentipikong patunayan ito. At gayun pa ma’y hindi pa rin nila pinaniwalaan ito. At napatunayan, hinayaan ang de-makinang mata ng kamera na makita Siyang nakatayo roon, iyang siya ring Haliging Apoy, siya ring kahapon, ngayon at magpakailanman, Hebreo 13:8, upang ipakita na ito—ito’y maka-siyentipiko, at lahat ng iba pang paraan, maka-siyentipiko sa espirituwal na mga kalalagayan. Sa lahat ng paraan ito ay magagawang mapagtibay, ito’y pinagtibay.

²⁴⁷ At, alam n’yo, malamang na gawin nila ang katulad na bagay. Malamang sila’y lalakad lamang mismo palayo at gagawin ang katulad na bagay tulad ng kanilang ginawa.

²⁴⁸ Oh, Diyos tulungan kami! Oh! Tayo’y titigil lamang dito. Ngunit, tulungan tayo ng Diyos upang makita ngayon, dalangin ko, habang tayo’y lumalapit ngayon. Pagka’t, hindi ko kayo gustong panatilihin ng napakatagal. Tulungan tayo ng Diyos upang makita. Ako’y naniniwalang marahil, ang Espiritu sa atin, ito’y magiging ngayon mismo na tayo’y tutulungan Niya upang ihayag, buksan ang Tatak na ito.

²⁴⁹ Tayo’y bumasa. Habang nakikita natin ang kalalagayan kung nasaan ang iglesya, nakita natin kung saan ito nanggaling,

nakita kung anong ginawa nila, nakita kung saan ito dapat na humantong, nakita ito roon, at nakita kung anong dapat nilang gawin. Ginawa nila mismo iyan. Ngayon nakita n'yo kung nasaan na tayo? Kayo ang gumawa ng paghahatol. Hindi ako makahahatol. Ako'y may pananagutan lamang sa pagdadala ng Salitang ito. Sadyang tulad sa kung paano Ito naibigay sa akin, maibibigay ko Ito. Libang Ito'y maibigay sa akin, hindi ko Ito maibibigay; walang sinuman ang makagagawa.

At nang buksan niya ang ikatlong tatak, ay narinig ko sa ikatlong nilalang na buhay na nagsabi, Halika at tingnan. At tumingin ako, at narito ang isang kabayong maitim; at yaong nakasakay rito ay may isang timabangan sa kaniyang kamay.

At narinig ko ang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay na nagsasabi, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; ngunit huwag mong ipahamak ang langis at . . . alak.

250 Ngayon, taglay ng Cordero ang Aklat sa Kaniyang kamay, binubuksan ang mga Tatak. Binuksan niya ang una, ang ikalawa, at ngayon binubuksan Niya ang isang ikatlo. At habang binubuksan Niya ito, binubuksan ito ng Cordero, ang Ikatlong Tatak, ang ikatlong Hayop. . .

251 Ngayon ilan ang nakakaalam kung anong itsura ng ikatlong Hayop? Kamukha ng isang tao. Ang una ay kamukha ng isang leon; ang isa pa ay kamukha ng isang guya, o isang bisiro; ang ikatlo ay kamukha ng isang tao, tulad ng isang tao. At kaniyang narinig ang—ang nilalang na Buhay, ang—ang Hayop. Nilalang na Buhay, tulad ng isang tao, nagsabi kay Juan, “Halika, tingnan kung ano Ito, itong hiwaga na naitago.” Sa pagpapatuloy ng mga taon ng katubusan, mula nang itatag ang sanlibutan, Ito'y naitago sa ilalim ng Tatak na ito, kung anong magaganap. Ngayon, “Halika, tingnan kung ano Ito.”

252 At kaya binuksan Niya Ito. Isang kulog ay dumagundong, at binuksan ng Cordero ang mga Tatak.

253 Ngayon, at si Juan ay lumakad palapit, upang tingnan kung magiging ano Ito. Anong nakita niya? Nakakita siya ng isang maitim na kabayo. At ang nakasakay sa kaniya ay mayroong isang talaro, o timbangan, sa kaniyang kamay. Ngayon, iyan ang unang bagay na kaniyang nakita. Nang i-anunsiyo Ito ng Cordero, binuksan ang Tatak, pagkatapos ang isa pang Hayop. . . Kita n'yo, silang mga Hayop ay nagpapalitan, tungkol sa pag-aanunsiyo, “Halika, tingnan.” At si Juan, kung saan siya'y nakatayo, marahil tulad *nito*, siya'y lumakad sa banda rito, nang binuksan ng Cordero, at lumakad palapit. Kadalasan. . .

254 Ang kulog ay tumunog, habang nakita natin sa Unang Tatak. At pinagmasdan niya upang makita kung ano ang

magaganap. At nakakita siya ng isang lalaking dumarating, una, sa isang maputing kabayo. Pinapanood niya siyang patuloy na mangabayo. At sa pagpapatuloy, nakita siya ni Juan diretso sa katapusan. Nakita niya siyang bumaba, sa kaniyang maputing kabayo, mayroong isang busog sa kaniyang kamay, at ang—ang mangangabayo ay mayroong, at siya'y walang mga palaso na kasama nito. At ang sumunod na bagay na kaniyang nakita, siya'y nagkaroon ng isang korona, nagpatuloy na nangabayo.

²⁵⁵ Pagkatapos natuklasan natin, pagkatapos, ang Cordero, heto dumarating muli, Siya'y nagbukas ng isa pa. At tumingin. Ngayon heto dumarating ang isang—isang mapulang kabayo. Ang taong ito ay mayroong isang tabak sa kaniyang kamay. Siya'y nangabayo nang mismo patuloy sa Kasulatan, kita n'yo, taglay ang tabak na ito sa kamay niya, at upang pumatay at mag-alis ng kapayapaan mula sa lupa.

²⁵⁶ Ngayon ang Cordero ay nagbukas ng panibagong Tatak. Panibagong isa sa mga Nilalang na buhay, tulad ng isang tao, ang nagsabing, "Halika, tingnan." Ngayon siya'y lumapit, tiningnan kung ano ito. At nang kaniyang gawin, doo'y mayroong dumating na isang mangangabayo sa isang maitim na kabayo.

²⁵⁷ Ngayon, kagabi, natuklasan natin na ang siya ring mangangabayo na sumakay sa maputing kabayo ay ang siya ring nasa isang mapulang.

²⁵⁸ At ang sabi ng Tinig, sa gitna ng mga Hayop, tumawag palabas, kita n'yo. Doon, lumapit upang tingnan kung ano ito: Siya ay nasa apat na mga Nilalang na buhay na ito. At nakita niya ang maitim na kabayong ito.

At nang. . . ang tinig sa gitna ng apat na nilalang na buhay ay tumawag, Sa isang denario ay isang takal na trigo, at—at sa isang denario ay tatlong takal na sebada; ngunit tingnan na huwag mong ipahamak ang—ang langis at ang alak. (Kita n'yo?)

²⁵⁹ Ang mangangabayong ito, pag-usapan natin siya. Kung mapapansin ninyo ang unang mangangabayo, kung sino nga siya. At natuklasan natin, kagabi, batay sa Kasulatan, na ang ikalawang mangangabayo ay eksaktong siya ring tao, lamang siya ay nasa panibagong kabayo. Anong naganap? Binago niya ang ministryo niya. Kita n'yo? Tama. Natuklasan natin na siya ay isang anti-cristo, at binago niya ang kaniyang posisyon.

²⁶⁰ Natuklasan natin na nang siya'y, una, isang maputing kabayo lamang, siya'y naging isang doktrina. Ngayon, nakuha natin ang bawat isa mga ito mismo pabalik sa mga Kasulatan. Kita n'yo?

²⁶¹ Ngayon, masdan kung nasaan tayo, ngayong gabi, iyang panibagong kapanahunan ng iglesya ngayon. Kita n'yo? Tayo'y papunta na sa ikatlong kapanahunan ng iglesya ngayon.

Kita n'yo? Sadyang tamang-tama sa ikatlong kapanahunan ng iglesya, ay sadyang tamang-tamang katulad ng ikatlong kabayo. Kita n'yo?

²⁶² Ngayon, ang unang kapanahunan ng iglesya, ano nga iyan? Ang mga Nicolaita ay may isang doktrina, kita n'yo, ang una lamang. Tama. At pagkatapos, ang unang bagay na nalaman natin, ang doktrinang Nocolaita na ito, ito ay naging pinagtibay at tama nga, nagtungo sa pagkilos. At kinoronahan nila ang taong ito. Pagkatapos, ang espiritung ito, ang anti-cristo, ay nagsakatawan sa isang tao. Nakita n'yo? At natuklasan natin, bandang huli, siya'y naging isang nagkatawang-taong Diablo, din; ang demonyo ay umalis, at ang Diablo ay pumasok.

²⁶³ At sadyang gaya ng iglesyang iyan ay ganiyang uri, anti-cristong iglesya, lumago; kaya ganun din ang Nobya na dumating sa iba't-ibang mga bagay: sa pamamagitan ng pag-aaring-ganap, pagpapaging-banal, bautismo ng Espiritu Santo, at nagpatuloy na kumilos pasulong, kita n'yo, sadyang tulad niyan. Lamang, una nilang nakuha ang rebaybal nila, at kukunin iyan ng Iglesya sa dakong huli. Ang kanilang unang tatlong mga taon... unang tatlong mga yugto nila na nagpatuloy sa madilim na kapanahunan; pagkatapos ang ikatlo, tatlong mga yugto, ay lumabas ang Iglesya; mula sa pag-aaring-ganap, sa pagpapaging-banal, bautismo ng Espiritu Santo, sa nagkatawang-taong Diyos na nahayag sa kalagitnaan natin. Dito siya'y pumasok, bilang anti-cristo, bilang bulaang propeta, pagkatapos ang hayop, pagkatapos sa madilim na kapanahunan. At ang Iglesya ay lumabas mula sa madilim na kapanahunang iyan; pag-aaring-ganap, pagpapaging-banal, bautismo ng Espiritu Santo, nagkatawang-taong Salita, ang daan ngayon. At siya'y bumaba. Uh-huh. Kita n'yo iyan? Siya'y bumaba. Ang Iglesya ay umakyat. Kita n'yo? Ito'y sadyang kasing perpekto tulad ng maaaring mangyari. Oh, ito'y maganda. Sadyang gusto ko ito.

²⁶⁴ Ang mangangabayong ito ay siya rin, ngunit panibagong yugto ng kaniyang ministeryo.

²⁶⁵ Ang unang yugto, isang maputing kabayo, kita n'yo, siya ay isang tagapagturo lamang, isang anti-cristong tagapagturo lamang. Siya ay laban sa Salita ng Diyos.

²⁶⁶ At ngayon paano ka magiging isang anti-cristo? Sinumang tao na ikinakaila ang bawat Salita nito ay hindi totoo, at maturuan ng sadyang katulad, ay isang anti-cristo, pagka't ikinaila nila ang—ang—ang—ang—ang Salita. At Siya ang Salita.

²⁶⁷ Ngayon, unang yugto, maputing kabayo, siya ay isang tagapagturo lamang, ngunit isang anti-cristong espiritu sa kaniyang doktrina at sa kaniyang katangian. Ito ay inosente. Hindi ito makakasakit ng anumang bagay, tila ganon; sadyang

nagpatuloy. Iyan ang paraan na si Satanas ay pumasok. Oh, siya'y isang mapandayang ibon.

²⁶⁸ Ang sabi niya kay Eva, sabi, “Ngayon, alam mong ika’y naghahanap ng karunungan. Hindi mo alam kung anong tama at mali.” Sabi, “Ngayon, kung ang iyong mga mata ay mabuksan, malalaman mo kung ano.” At sabi, “Ang bunga ay talagang kalugod-lugod. Ito’y mabuti. Ito’y—ito’y kalugod-lugod sa mata. Kailangang kunin mo ito ngayon. Hindi mo alam kung ito nga ay kalugod-lugod, o hindi, di ba?”

“Hindi, Hindi ko nalalaman. Ngunit sinabi ng Diyos na huwag gagawin iyan.”

“Ngunit, oh, buveno, alam ko, ngunit . . .”

“Sinabi ng Diyos na Kaniyang . . . kami’y mamamatay.”

²⁶⁹ Ang Sabi niya, “Siguradong hindi Niya gagawin iyan.” Kita n’yo, sadyang napakatamis tulad ng maaari. Tingnan kung anong ginawa nito.

²⁷⁰ Masdan ang anti-cristong espiritung ito na tumayo sa kalagitnaan ng sinaunang iglesya, isang doktrina ng Nicolaita. *Nikao*, “sakupin” ang iglesya, gumawa ng isang banal na tao. Oh, ito’y sadyang kasing ino- . . . “Buveno, nais lang namin ng pagkakatiyon. Aba, kayo’y kalat-kalat dito; walang taong nakakaalam kung nasaan ang iba. Palagay ko lahat tayo’y dapat magkaroon ng isang organisasyon at sadyang maging kaiba. Kita n’yo, tayo’y magpatuloy, pagsama-samahin ang mga sarili natin. Tayo’y dapat na gumawa ng isang pahingahan mula rito.” At iyan nga kung ano ito. Walang ganiyang isang bagay na tulad ng Cristianong Iglesyang Metodista. Iya’y hindi isang Iglesya; iyan ay pahingahan. Ang Baptist, iya’y hindi isang Iglesya; iya’y isang pahingahan.

²⁷¹ Mayroon lamang isang Iglesya, at iya’y ang mahiwagang Katawan ni Jesus Cristo. At ikaw ay ipinanganak sa loob Niyan, iya’y tama, sa pamamagitan ng pagtatalaga. Iya’y tama. “Lahat ng ibigay ng Ama sa Akin ay darating. Walang taong makalalapit liban na tawagin siya ng Ama. At lahat ng ibinigay Niya sa Akin, ay lalapit sa Akin.” Kaya, iyan, iyan ito. Siya lamang . . .

²⁷² Ang Cordero ay nakaupo roon, gumagawa—gumagawa ng pamamagitan, hanggang ang pinakahuli ay pumasok. Ang maliliit na kampana ay tutunog, at Siya’y lalakad palabas at kukunin ang Kaniyang pag-aari pagkatapos, kita n’yo, iyan lang lahat; dadalhin ang Kaniyang Iglesya Pauwi, ang Kaniyang mga tagasunod. At ibubulid ang Kaniyang kaaway tungo sa Dagat-dagatang Apoy, at lahat ng kaniyang mga tagasunod ay pupunta roon kasama niya, at iyan ito. Pagkatapos tayo’y lalakad palabas tungo sa Milenyum.

²⁷³ Siya ring mangangabayo, ngayon. Itong unang yugto, siya ay inosente. At ikalawa, ngayon, kung ikaw ay tutungo pa ng

mas mataas ng kaunti, kaunti pa kaysa roon; ang ikalawang yugto, sinabi ng Biblia na siya ay “mabibigyan ng isang korona.” At kinoronahan nila ang isang tao, isang superman. Kita n’yo, kinoronahan siya! At, pagkatapos, hindi siya tinawag ng Biblia na isang papa. Tinawag siya ng Biblia na isang “bulaang propeta.” Bakit? Oo. Siyempre, kailangang siya’y maging isang bulaang propeta, sa pamamagitan ng kaniyang anti-cristong espiritu, na nagtuturo ng anti-cristo laban sa orihinal na Salita. Pagka’t, kung siya ay nagturo laban sa orihinal na Salita, iyan ay anti-cristo. Iyan nga. At ang Salita ay Diyos, kita n’yo, Cristo. O sige. Ngayon, makaraan iyan, nakita natin siyang nakoronahan. At nang siya’y makoronahan, ngayon, siya’y napakainosente at mahina. Siya ay isang munting tao lamang.

²⁷⁴ Ngunit pagkatapos sa Konseho ng Nicea, siya’y nagawang gayon, at ibinigay sa kaniya ni Constantino ang lahat ng pag-aari. At pagkatapos anong ginawa niya? Pagkatapos siya, kita n’yo, si Satanas, ibinigay sa kaniya ang kaniyang trono at kapamahalaan. Sinabi nga ng Biblia, tulad ng nadaanan natin.

²⁷⁵ Ngayon, ang sumunod na bagay na natuklasan natin, na kinokontrol ng Diablo ang lahat ng mga pulitika na nangyari na o mangyayari pa lang. Natagpuan natin iyan sa Mateo 4:11. At ngayon natuklasan natin, pagkatapos, na si Satanas ay mayroon ng mga pulitika.

²⁷⁶ Ngunit pinagsisikapan niyang kunin ang Iglesia, kaya siya’y bumaba upang dayain Ito. Kinuha niya ang kaniyang superman, pinakilos siya tungo sa isang organisasyon, at kinoronahan siyang “bikaryo,” kita n’yo, isang cristo. Cristo na kumilos kahalili ng Diyos. Kita n’yo, ang lalaking ito ay isang bikaryo, sa halip na ang Diyos. Kita n’yo? Sadyang katulad, “sa halip na ang Diyos,” maging ano dapat siya, isang bikaryo sa ilalim ni Cristo.

²⁷⁷ Ngayon, ngayon, nang ginawa niya iyan, pagkatapos anong ginawa niya pagkatapos? Siya, si Satanas, ay kinuha ang pulitikal niyang kapangyarihan, na kung saan siya’y tapos na, at kinuha ang mga pangrelihiyong kapangyarihan, kung saan siya’y nakoronahan na, at pinagsama sila.

²⁷⁸ At pagkatapos ginawan niya siya ng panibagong korona para sa impiyerno. At sila na nangamatay na, kung sila’y makapagbabayad ng sapat na salapi, kukunin niya sila palabas. Kita n’yo? Kaya ngayon siya’y—siya’y bikaryo ng buong Kalangitan, sa buong purgatoryo, tulad ng nais niyang itawag doon. Walang gayong bagay sa Biblia, kita n’yo, ngunit kailangan niyang gumawa ng ilang bagay. Sinabi ng Biblia na ito ay lumabas mula sa hukay ng kalaliman, at babalik sa gayunding paraan. At, sa daigdig, isang pinuno!

²⁷⁹ Ngayon anong naibigay sa kaniya pagkatapos? Una, siya’y mayroong isang busog, ngunit wala siyang anumang palasok.

Ngunit ngayon siya'y mayroong isang malaking tabak sa kaniyang kamay. May magagawa na siya ngayon. Pagkatapos siya'y lumundag pababa sa kaniyang maputing kabayo; ang maputing kabayo ay tumakbo paalis. Ngayon ano ang kaniyang sinasakyan? Isang mapulang kabayo, dugo, dugong mapulang kabayo. Talagang sinakyan niya iyan. Oh, sigurado. Ngayon siya'y binigyan ng dakilang kapangyarihan at isang malaking tabak, upang pumatay, pagkatapos kaniyang sinakyan ang kaniyang dugong mapulang kabayo.

²⁸⁰ Nakita natin, mula sa Ikalawang Tatak, na nabuksan kagabi, na kinuha niya ang kapayapaan mula sa lupa at pinagpapatay ang bawat isa. At ang sarili niyang talaan ng mga martir, ng Romano Katolikong iglesya, ay nagpapakita na sila'y pumatay ng animnapu't walong milyong mga Protestante, mula sa panahon ni San Hippo ng...makaraang si San Augustine ng Hippo, mga hanggang labing-limang daan at walumpu. "Animnapu't walong milyon." *Dakilang Reporma* ni Schmucker, kung nais n'yong basahin iyan, *Maluwalathing Repormasyon*, pala, kita n'yo. Ngayon, animnapu't walong milyon ang naitala sa talaan ng mga martir! Nang ang isa sa kaniyang mga tinatawag na mga santo-daw ay nakakuha ng kapahayagan na sinumang di-sasang-ayon sa Romanong iglesya ay kailangang mamatay bilang isang erehe, iyan ang sadyang nag-udyok sa kanila noon. Naku, siya'y tumungo sa pagpapadanak ng dugo! Siya—siya'y tumalon sa kaniyang maputing kabayo...sa kaniyang mapulang kabayo, at siya'y tumungo sa pangangabayo. Oh!

²⁸¹ Ngayon ang kaniyang dakilang kapangyarihan ay dumating. Siya'y ginawang bikaryo ng Langit, at sinamba bilang Diyos. Hari ng daigdig, sa pamamagitan ng pag-iisa ng iglesya at pamahalaan na magkasama, ay ginawa siyang hari sa daigdig; binigyan siya ng korona sa ibabaw niyan. Maipapanalangan niya ang mga kaluluwa palabas ng purgatoryo. Magagawa rin niyang mamagit-...Siya'y sadyang parang tulad ng Diyos, sa daigdig, kahalili ng Diyos. Magkasama, siya'y mayroong dakilang kapangyarihan upang patayin ang sinumang hindi sasang-ayon sa kaniyang utos. Sino ang may masasabing anuman sa kaniya? Ang iglesya ay hindi makapagsasabi ng anuman; siya ang ulo nito. Ang estado ay walang masasabing anuman; siya ang ulo nito. Kaya, sila'y nangamatay sa mga milyong bilang. Lahat silang mga mumunting mga iglesya, kapatid na lalaki, ay pinasabog, at pinagpapatay at sadyang pinatay, at ipinakain sa mga leon, at lahat ng iba pang mga bagay. Kita n'yo? "Ang dragon," Roma, "ay nagbigay sa kaniya ng trono at kapamahalaan." Sinabi nga ng Biblia. Kita n'yo? Kaya sinakyan niya ang kaniyang tipo, mapulang kabayo sa pamamagitan ng dugo ng tao, hanggang sa ito ay naging isang mapulang kabayo.

282 Ngayon nakita siya ni Juan sa isang maitim na kabayo. Siya'y nagbago, iba pang bagay.

283 Ngayon kailangan kong—sabihin ito sa paraan lamang na ito'y dumating sa akin. At pagkatapos at kung ito ay dumating sa akin at hindi tumutugma sa iba pang mga Kasulatan, kung gayon hindi ito kailanman ibinigay ng Diyos. Kita n'yo, ang Kasulatan ay kailangang tumugma, bawa't isa, ito'y isa lamang dakilang malaking—malaking bagay tulad niyan. Ang Kasulatan ay kailangang sumang-ayon sa Kasulatan. At anumang bagay na salungat sa Kasulatan. . . Kung ang Anghel na iyan ng Panginoon ay nagsabi sa akin ng anumang bagay na hindi sang-ayon sa Kasulatan, hindi ko Siya paniniwalaan.

284 Ang sabi ko, doon sa Chicago noong isang araw, nang lahat silang mga daang-daang mga ministro. . . Mayroon bang nandoon sa pagtitipong iyon? Tiyak. Ang pagtitipong iyon sa Chicago, ang sabi ko, "Ngayon, lahat kayo'y nangungusap na kayo'y mayroong. . . Iniisip ninyo na mapapaikot n'yo ako rito, sa ilang bagay." Mga katulad ng mayroon sa silid na ito ngayon. Ang sabi ko, "Ano iyan? Kinuha n'yo iyan laban sa akin." Ang sabi ko, "Ipinakita sa akin ng Banal na Espiritu, tatlong gabi na ang nakararaan, kung saan lalagay ang bawat isa sa inyo. At tayo'y hindi na mapupunta roon sa. . . Tanungin n'yo si Carl dito kung hindi iyan tama."

285 At naroon si Hank at lahat sa kanila, "Iya'y tama." Lahat kayo'y naroon upang makarinig.

286 Sabi ko, "Ngayon mayroon kayong laban sa akin, sa Katuruan ko. Iyan ang problema. Ngayon nais kong ang isa sa inyo ay pumunta rito, at kunin ang iyong Biblia at tumayo sa tabi ko, at pasinungalingan Iyan." Iyon ang pinakatahimik na pangkat na narinig ninyo. Ang sabi ko, "Anong problema sa inyo?" Sinabi kong, "Kung gayon, kung inyong nalalaman na hindi kayo makatatayo laban sa Salita, kung gayon umalis kayo sa likuran ko. Kayong mga Doktor ng Divinidad at lahat na, at nangungusap kung paano, ipinakilala ang sarili ninyo bilang 'Doktor,' 'Doktor,' 'Doktor.' At ako'y isang. . ." (Oh, sinabi namin ni Kapatid na Woods na "baguhan," o, "bagito.") "Ako'y walang edukasyon, hindi kailanman nagmula sa anumang seminaryo o paaralan. Ngunit kunin ninyo ang inyong Biblia at pumarito at tumayo sa tabi ko, pasinungalingan ang binhi ng serpiyente, ang bautismo sa Pangalan ni Jesus, o anumang sa mga bagay na iyan na itinuturo ko." Walang nagsabi ni isang salita. Alam n'yong lahat iyan. Iyan ang pinakatahimik na pangkat na nakita ninyo.

287 Kita n'yo, sila'y sadyang nagmamalaki tulad ng hindi ko alam kung ano. Ngayon, ngayon heto iyan. Hindi ako naniniwala sa pakikipagtalo sa mga tao, ngunit kapag dumarating sa isang punto kung saan sinisikap nila na kaladkarin ka patungo roon.

At hindi sana ako pupunta, ngunit sinabi sa akin ng Banal na Espiritu, sabi, “Pumunta ka roon. Ako’y tatayo sa tabi mo.”

288 Sinabi sa kanila, tatlo o apat na araw bago ang oras. Lahat kayo’y naroon at narinig si Ginoong Carlson at sila, at—at si Tommy Hicks. At lahat sila’y nakaupo roon. At ako’y nagtungo, tatlong araw bago iyan, at ang sabi ko, “Kailangan mong ikansela ang dakong iyan.”

289 Iyan ay isang bumabagyong gabi. Mayroon akong isang pagtitipon. Sabi niya, “Pumunta ka, tumayo ka sa bintanang iyan, doon sa ikatlong munting pintong iyan doon.” At ako’y pumunta roon at tumayo mismo roon. Ako’y tumingin sa labas ng paganiyan.

290 Sabi Niya, “Mayroon silang isang patibong na inilaan para sa iyo. Hihilingin nila sa iyong mangusap ka sa Ministerial Association of Greater Chicago na iyan.” Sabi, “Mayroon silang nakalaang isang patibong sa iyo, sa iyong pagtuturo ng Aking Salita.”

291 Ang sabi Niya, “Ngayon, ikakansela nila ang dakong iyan doon. Hindi nila makukuha iyan. At sila’y tutungo sa isang dako, kung saan ito’y kayumanggi.” Sabi, “Heto ang hitsura niyan.” Ako’y tumigil, at nakita ko ang aking sarili sa isang sulok; tumingin sa likuran doon at nakita. Nakita ko silang lahat doon. Nakita ko silang lahat na mga ministro na nakaupo roon, sa paraang sila’y nakaupo. Tiningnan ko sila lahat-lahat. At sabi Niya . . .

292 “Oh,” naisip ko, “mas makabubuting hindi ako pumunta roon kung gayon, Panginoon, kung gagawin nila iyan. Hindi ko gustong saktan ang kanilang mga damdamin o gumawa ng anumang bagay na mali.”

Sabi Niya, “Pumunta ka. Ako’y tatayo sa iyong tabi.” Ginawa Niya. Iya’y tama.

293 Ngayon, kayong lahat, mayroong mga saksi mismo rito, tayo’y nakaupo mismo roon at nalaman na iya’y totoo. Iya’y tama. Buweno, mayroon kayong mga teyp dito, din. Ngunit, naroon kayo, kita n’yo.

294 Ngayon, ngayon heto ang hiwaga nito. At ngayon, Ito, nang Ito ay nahayag sa akin nang maaga kaninang umaga, bago mag-umaga. Pagkatapos ako’y tumungo kaagad sa Kasulatan at nagpasimulang tumingin, saliksikin ito. Naroon nga ito. Tatlo sa kanila, sa ngayon, ay ganap na ganap, kahima-himalang nahayag. Oo. Ngayon heto ang hiwaga ng maitim na kabayo, ayon sa pagkakahayag nito sa akin.

295 Siya’y nagpasimulang sakyan siya sa panahon ng mga madilim na kapanahunan. Iyan ang isinasagisag ng madilim na kabayo, ang madilim na mga kapanahunan, sapagka’t iyan ay isang oras ng hating gabi sa mga tunay na mananampalataya

na natira. Masdan ngayon sa kapanahunan ng iglesyang iyan, iyang kalagitnaang kapanahunan ng iglesya, ang madilim na kapanahunan ng iglesya. Masdan kung paano Niya sinabing, “Ika’y mayroon lamang kaunting lakas.” Iyan ay isang hating gabi sa kanila, para sa tunay na mananampalataya. Ngayon masdan. Talagang lahat ng pag-asa ay kinuha mula sa tunay na Iglesya, sapagka’t kinontrol ng taong ito ang kapwa ang iglesya at pamahalaan. Anong gagawin nila? Kita n’yo, ang Katolisismo ay nangibabaw, sa kapwa iglesya at pamahalaan. At lahat, na di-sumasang-ayon sa Katolisismo, ay pinatay. Iyan ang dahilan na siya ay nasa isang madilim na kabayo. At masdan kung anong maitim na bagay ang kaniyang nagawa, kita n’yo, pagkatapos inyong makikita. At kayo lamang. . . Kung alam n’yo ang inyong kasaysayan, masdan iyan, pagkatapos inyo ngang. . . Buweno, hindi n’yo na kailangang alamin pa iyan, upang—upang mabatid Ito. Ngayon masdan. Lahat ng pag-asa ay nawala. Iyan ang maitim niyang kabayo.

Ngayon, sinakyan niya ang kaniyang maputing kabayo, tuso.

²⁹⁶ Pagkatapos siya’y binigyan ng kapangyarihan; kinuha niya ang kapayapaan, pinatay ang milyun-milyon. Iyan ang gagawin niya habang siya’y tumatakbo. At ginagawa pa rin niya ito. Kita n’yo?

²⁹⁷ Ngayon, heto siya sa maitim niyang kabayo ngayon, dumarating. Madilim na kapanahunan, iyan ang panahong iyon. Sadyang halos kasabay ng panahon matapos ang iglesya ay maihanda, at nakakuha ng kapangyarihan, winasak nila ang lahat ng iba pang mga bagay. At nagpatuloy, mga, daan-daan at daan-daan at daan-daang mga taon, ay ang nalalaman ng bawat mambabasa bilang ang mga madilim na kapanahunan. Ilan ang nakakaalam niyan? [Kongregasyon ay nagsabi, “Amen.”—Pat.] Tiyak, ang madidilim na kapanahunan. Hayan ang inyong madilim na kabayo, na isinasagisag ang madilim na kapanahunang iyan. Ngayon, lahat ng mga pag-asa’y nawala; wala na talagang pag-asa. Lahat ng bagay ay nagmukhang madilim, para sa mga mumunting mananampalataya. Ngayon, iyan ang dahilang ito’y tinawag, isinasagisag, ang maitim na kabayo.

²⁹⁸ “Ang kaniyang mga talaro, o kaniyang mga timbangan, sa kaniyang kamay,” kita n’yo. Tumatawag, “Sa isang denario ay isang takal na trigo, at isang denario ay tatlong takal na sebada.” Kita n’yo, sa katunayan, iyan ay, ang trigo at sebada ay natural na pangangailangan ng buhay. Mula sa mga iyan ginagawa ang tinapay at mga bagay. Ngunit, kita n’yo, siya ay nagpapabayad para rito. Ang ibig sabihin niyan, na, siya’y nagpapabayad sa kaniyang mga tagasunod para sa uri ng pag-asa ng buhay na kaniyang ipinamamahagi sa kanila, sa pamamagitan ng paggawa. . . Siya’y nagsimula sa mismong panahon na iyan, sa

pagpapabayad sa kanila para sa mga panalangin, nagpapabayad para sa panalangin. Ginagawa pa rin nila ito; mga nobena.

²⁹⁹ Pagka't, ano ang ginagawa niya? Sinasakop ang mga kayamanan ng mundo. Ang timbangan, tumitimbang, "Isang takal na trigo sa isang denario; tatlong takal na sebada sa isang denario." Ang mangangabayo sa maitim na kabayo, kita n'yo, siya ay gumagawa . . . hinuhubaran ang kaniyang mga tagasunod sa kanilang salapi. Nang, inihula ng Biblia na hawak niya, halos, ang kayamanan ng mundo. Tulad ng sinabi natin kagabi tungkol sa Russia, at lahat iyan, kinuha lamang nila ang lahat ng mga salapi at sadyang hinubaran ang mga tao sa lahat ng bagay na mayroon sila, lahat ng bagay. Kaya, hayan na kayo.

³⁰⁰ Ngayon pansinin. Nakita n'yo kung saan ang lumang pangunguha-ng-perang iyan, sa iglesya, nanggagaling saan? Lumayo mula sa bagay na iyan; upang magtayo ng isang organisasyon, isang malaking anong bagay, milyong-dolyar dito. At—at nakita ninyo kung ano ang ina nito?

³⁰¹ Salamat sa Iyo, Panginoon. Oh, naku! Napakasaya ko. Opo, ginoo. Mabuti. Iya'y ang biyaya Niya. Iyan ang lahat. Mabuti. Mabuti.

³⁰² Iyon ay isang hating-gabing panahon. Naiintindihan n'yo ba iyan ngayon? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] At dito siya ay nagpapabayad para sa uri ng buhay, iya'y ang kaniyang sebada at bagay, natural; hindi ispirituwal, ngayon. Iyan ay sebada, kita n'yo, kaya, at sebadang tinapay at trigong tinapay. Siya ay nagpapabayad para sa ganiyang uri ng buhay na ibinibigay niya sa kaniyang mga tagasunod. Nagpapabayad sa panalangin sa pamamagitan ng mga pari, upang ipanalanging ilabas ang mga tao mula sa purgatoryo. Nagpapabayad! Ngayon kinukuha ko ito mismo mula sa kasaysayan. Nagpapabayad para sa, palagay ko, iya'y nobena, palagay ko, kung anong nalalaman ng lahat ng tao kung ano. Ang Nobena, palagay ko iya'y isang bagay na dapat mong gawin, alam n'yo, ilang penitensiya. Mayroong dapat na magpabayad para riyan. Dinadala ang kayamanan ng mundo sa kaniya, papunta sa kaniyang sarili, tungo sa loob ng iglesya mismo. At nangangabayo pa rin siya. Oh, siguradong siya nga. Opo, ginoo. Nangangabayo pa rin!

³⁰³ Pansinin. Heto ang mabuting bahagi ngayon. Pansinin.

. . . *tingnan na huwag mong ipahamak ang alak na ito at langis.*

³⁰⁴ "Mayroon lamang kaunti Nito ang natira roon, ngunit huwag mong gagalawin Iyan!"

³⁰⁵ Ngayon, ang langis ay . . . sinisimbolo ang Espiritu, ang Banal na Espiritu. Bibigyan ko kayo ng kaunting mga talata kung nais n'yo. Mayroong dalawang Kasulatan. Sa Leviticus, 8:12, kung saan si Aaron, bago siya pumasok, ay kailangang mapahiran ng langis, alam n'yo. At sa Zakarias 4:12, na ang

langis ay dumadaloy, bumubuhos sa mga padaluyan, at sinabing, “Ito ang Aking Espiritu, Langis.” Isa pang bagay, kung nais n’yong tingnan ang Mateo, 14 . . . 25, mayroong mangmang na dalaga, o 25:3, ang mangmang na dalaga ay walang Langis, walang Espiritu. At sa Mateo 25:4, ang matalinong dalaga ay may Langis sa kaniyang ilawan, puspos ng Espiritu. Espiritu! Itinitipo ng Langis ang Espiritu. Oh, Kaluwalhatian! [Ipinalakpak ni Kapatid na Branham ang kaniyang kamay nang minsan—Pat.] Tama. Nakuha n’yo iyan? [Kongregasyon nagsasabi ng, “Amen.”] Mabuti. Ngayon, itinitipo ng langis ang Espiritu.

306 At ang alak ay sumasagisag sa kasiglahan ng kapahayagan. Oh, ako—nais kong tumakbo sa lahat ng dako. Nakapagtataakang hindi ko nagising ang mga kapit-bahay, nang ipakita sa akin ng Panginoon iyan, kita n’yo, “kasiglahan ng kapahayagan.” Kita n’yo?

307 Langis at alak, sa Biblia, ay pinag-ugnay na magkasama, palagi. Kinuha ko ang konkordans at tiningnan. Mayroong tali sa kanila, na tulad—tulad *niyan*, kung saan ang alak at langis ay nagsasama, sa lahat ng pagkakataon. Kita n’yo?

308 Kapag ang Katotohanan ng isang ipinangakong Salita ng Diyos ay lubos na naihayag sa Kaniyang mga banal na puspos ng Langis, silang lahat ay sumisigla. Ang alak ay isang kasiglahan. Kaluwalhatian! Nadarama ko Iyan mismo ngayon. Pinasigla sa kagalakan, mga sigaw! Kita n’yo? At, kapag Ito ay umipekto, Ito ay mayroong katulad na epekto sa kanila na—na ginagawa ng alak sa isang natural na tao. Sapagka’t, kapag ang kapahayagan ay naibigay na, tungkol sa isang Katotohanan ng Diyos, at ang tunay na mananampalataya na puspos ng Langis, at ang kapahayagan ay nahayag, ang kasiglahan ay nagiging napakadakila na ginagawa Niya siyang kumilos sa kaniyang sarili na di-normal. Tama. Kaluwalhatian! [Kongregasyon ay nagsasaya—Pat.] Kita n’yo, iyan ang mahalaga sa kanila ngayon. Iya’y tama. Pinakikilos sila sa kanilang sarili ng di-bagay.

309 Ngayon, kung gusto ninyo ng Kasulatan para rito, simulan lamang basahin ang Mga Gawa 2. Nasaan sila? Nakuha nila ang pangako na naibigay sa kanila. Nang ang lahat ng pangako ng Banal na Espiritu ay nabuhos sa kanila. At noon . . . Iyan ay pinagtibay batay sa Kasulatan. Ngayon, kita n’yo, ang . . .

310 Paano kung nasabi nilang . . . “Ngayon, hintay, sinabi Niya sa atin na maghintay dito para sa ministeryo natin.” At makaraan ang walong araw, ang sabi nila, “Buweno, sasabihin ko sa inyo, mga kalalakihan,” sabi ni Marcos kay Mateo, “Ako—Ako’y naniniwalang nakuha na natin Ito, mga kaibigan. Hindi n’yo ba naisip? Kita n’yo, nakuha na natin Ito. Habang tayo’y naghihintay sa ministeryo natin ngayon, dapat tayong sadyang tumungo’t lumabas, na nangangaral. Sinabi Niya sa

ating pumunta rito at maghintay, at walong araw na tayong narito.”

“Buweno, tayo’y maghintay ng isa pa.”

³¹¹ Siyam na araw na ang dumating. Pagkatapos si Marcos ay lumapit, o—o—o marahil isa sa iba pa sa kanila, si Juan, sabi, “Ako—ako—ako’y naniniwalang hindi na tayo dapat maghintay ng mas matagal pa. Ako’y naniniwalang nakuha na natin Ito. Hindi ba?”

³¹² Pagkatapos nakikita ko si Simon, pagka’t nasa kaniya ang mga susi, alam n’yo. “Ngayon sandali lamang, mga kalalakihan! Ang Kasulatan ay mayroong sinasabi tungkol dito. Hindi Niya kailanman sinabi sa atin kung ilang araw maghihintay. Ang sabi Niya, ‘Kayo’y manatili roon hanggang! Kayo’y manatili roon hanggang ang propesiya ni Joel ay maganap, hanggang ang propesiya ni Isaias ay mapagtibay.’ ”

³¹³ “Sapagka’t sa nauatal na labi at sa mga iba’t-ibang wika ako’y mangungusap sa mga taong ito. At ito ang pamatid—uhaw.” Ito ang alak na naibuhos. Ano ang alak, sa Biblia? Pamatid-uhaw. “Ito ay ang pamatid-uhaw na nagmumula sa Presensiya ng Panginoon.” Kita n’yo? Ito’y— ito’y kailangang maging Iskriptural ngayon. Kita n’yo?

³¹⁴ Kaya, nakita niyo, ang alak ay sumasagisag sa pagbibigay-sigla ng kapahayagan. At nang ang Espiritu Santo ay bumaba, at nakita nila ang Apoy ng Diyos na bumababa sa kanila, naku, iya’y nagpasimulang pasiglahin sila. At ang unang bagay na alam n’yo, sila’y naging napakasigla hanggang sa talagang isipin ng mga tao na sila ay mga lasing, ngunit sila’y sumigla sa pamamagitan ng kapahayagan. Sa Diyos. . .Heto iyan! Ang pinagtibay na kapahayagan ng Diyos, ginawang malinaw sa kanila, sila’y masaya tungkol Doon. Ipinangako iyon ng Diyos. Dito ito ay nahayag sa kanila, at pinagtibay sa kanila. Amen! Heto ang isang taong nakatayo roon, nagsasabing, “Ito Iyan! Ito Iyan!” At naroon nga Iyon, na pinagtibay sa pamamagitan ng siya ring tanda na mayroon tayo ngayon. Mayroong— mayroong pagbibigay-sigla sa pamamagitan ng kapahayagan. Kita n’yo? At, ngayon, talagang nakuha nga nila Ito pagkatapos.

³¹⁵ Iyan ang dahilan kung bakit si Pedro ay makalalabas doon, at sabihing, “Aba, kayong mga tao ng Judaea, at kayo na nananahan sa Jerusalem, makinig sa akin. Lahat kayong mga Doktor ng Divinidad, pakinggan kung anong sasabihin ko sa inyo, tingnan n’yo.”

³¹⁶ Oh, kamangha-mangha! Nahayag! Nahayag! Sila’y naging napakasigla nang makita nila ito na pinagtibay. Iya’y sadyang palaging ginagawa iyan. Palagi nitong ginawa.

³¹⁷ Nang makita ko na ipinangako ng Diyos na gagawa ng isang tiyak na bagay sa araw na ito, nang Kaniyang ipinangakong buksan ang mga Tatak na ito sa huling araw na ito! At

hindi ninyo alam ang kagalakan, ang kaluwalhatian, nang makita ko Siyang ihayag ito, tumayo roon at masdan itong maganap! At nalalaman na tatayuan ko ang sinumang tao, upang panagutan: Hindi Siya kailanman nagsabi sa atin ng isang bagay kundi kung anong nangyari sa ganoong paraan. At pagkatapos upang makita ang kagalakan na nasa puso ko, nang nakita ko ang Kaniyang pangako para sa mga huling araw na ito, tulad ng ipinangako Niyang gagawin ito. At heto nakita ko itong pinagtibay at ginawang ganap na ganap na tama. Ako’y sadyang...Narinig n’yo akong nagsasabing, “Nakadarama ako ng pagiging relihiyoso.” Iyan ang nangyari. Ang kasiglahanan ay napakalala, ako—ako—ako’y sadyang—sadyang handa upang tumungo sa pagtatapos, alam n’yo. Kasiglahan, mula sa kapahayagan! O sigte.

³¹⁸ Naging napakasigla nila, sa—sa kapahayagan, na panagtibay nila, tamang lahat, ang pangako. Ngayon, oh, naku! Hayan lumabas ang kagalakan ng kasiglahan, hanggang sinabi ng mga tao na, “Sila’y lasing sa bagong alak,” nang inihayag ng Diyos ang Kaniyang pangako sa kanila. At hindi Niya lamang inihayag ito, kundi pinatunayan Niya ito.

³¹⁹ Iyan ang palagi kong sinasabi. Masasabi ng isang tao ang anumang bagay, oo, siya’y maaaring magsabi lamang ng anumang bagay; ngunit kapag ang Diyos ay dumating at pagtibayin iyan!

³²⁰ Ngayon, sabi ng Biblia, “Kung mayroong isa sa inyo, na nag-aangking espirituwal o isang propeta, kung sinasabi niya ang mga bagay na ito at hindi ito naganap, kung gayon huwag magtuon ng pansin sa kaniya. Huwag siyang katakutan, huwag nga. Huwag katakutan ang taong iyan. Ngunit kung sinabi niya ito at ito ay naganap; iya’y Ako, kita n’yo. Ako, Ako’y nariyan. Iyan ang nagpapatunay kung bakit ito Ako.”

³²¹ At, pagkatapos, iyang munting Samaritanang babae. Nang sabihin ng Kasulatan na gagawin ng Mesiyas na ito ang mga bagay na ito, at heto Siya’y nakatayo at ginawa ito ng sadyang tamang-tama tulad ng sinabi ng Kasulatan. Ang sabi niya, “Naroon Siya. Halina, tingnan ang isang Lalaki! Hindi ba iyan ang tamang-tamang bagay na sinabi ng Kasulatan na magaganap?” Kita n’yo, siya’y naging masigla sa pamamagitan ng kapahayagan. Tama ba iyan? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Siya’y naging isang masigla sa pamamagitan ng kapahayagan, nang ito ay pinagtibay. Kita n’yo? Iya’y tama. Nalalaman niya na mayroong... .

³²² “Alam namin na ang Mesiyas ay darating, na Siyang tinatawag na Cristo. At kapag Siya’y dumating, gagawin Niya ang mga bagay na ito.” Nakita niya iyan.

At sabi Niya, “Ako nga Siya.”

323 Pagkatapos ang kasiglahan ay nagsimula. At siya'y agad nagtungo, sumisigaw, at doon sa loob ng siyudad. Kaniyang iniwan ang kaniyang lumang lalagyan ng tubig, at nagtungo sa dako roon, at sabi sa mga tao, "Halikayo, tingnan!"

324 Ngayon, kung nalalaman n'yo lamang ang pang-Silangang mga tradisyon, iya'y mali para kaniyang gawin iyan. Opo, ginoo. Isang babae ng ganiyang uri, walang taong makikinig sa kaniya. Wala, ginoo. Kita n'yo, siya ay may isang marka, at kapag siya. . . Kung siya ay pupunta sa lansangan tulad niyan, at kumilos ng tulad niyon, ang mga tao sa lansangan ay hindi mag-uukol sa kaniya ng pansin.

325 Ngunit, kapatid, siya ay mayroong isang Salita ng Buhay roon! Siya ay pinasigla. Magagawa mong. . . Iyan ay parang pagpupumilit na patayin ang apoy sa isang bahay, mula sa pagkakasunog, sa isang mahanging araw. Oh, mayroong bagay na nagpapaypay roon! Siya ay—siya ay handa. Oo. Hindi nila maialis Iyan. Iyan ay Apoy ng Diyos na nag-aalab. Opo, ginoo. Sabi niya, "Kung hindi kayo naniniwalang iyan ay totoo, kayo'y sadyang pumunta banda rito kung saan ang pagtitipon ay nagaganap. Ipapakita ko iyan sa inyo." Oo. Iyan ito. Oo. Opo, ginoo.

326 At kaya ang mga tao ay lumabas doon. At hindi Niya inulit iyon ng minsan pa. Ngunit nalalaman nila na mayroong bagay na naganap sa babaeng iyon. Siya ay nabago, kaya pinaniwalaan nila Siya. Opo, ginoo. Naniniwala sila sa Kaniya.

327 Pagka't, "Ang Pananampalataya ay dumarating sa pakikinig, pakikinig ng pangako ng Diyos, ang Salita ng Diyos, at masdan Itong maging tunay." Pagka't, Ito'y isang binhi. At kapag Ito'y naihasik, Ito'y kukuha ng Buhay. Ito'y magbubunga ng sadyang kung ano ang sinasabi Nito. Kung hindi, kung gayon ito'y hindi Binhi ng Diyos. O, hindi alam itanim ng magtatanim kung paano Ito itanim; Hindi siya isinugo ng Diyos, upang maghasik ng mga Binhi. Maaaring inihahasik niya Sila sa tuktok ng isang bato o anong bagay. Kita n'yo? Kaya inyong—kaya nakita niyo, ang manghahasik na naghahasik ng Binhi, pinangangalagaan Iyan ng Diyos, Iyan ay nahuhulog sa tamang dako, kita n'yo. Oh, naku!

328 Kung gayon ang sinasabi Nito sa mangangabayong ito na nasa maitim? "Huwag mong sasaktan ang Aking alak at ang Aking Langis! Huwag mong gagalawin Iyan, ang Aking alak at Langis! Ako'y mayroong kaunti na lamang Niyan sa dako roon, ngunit mayroon pa ring kaunti roon. Oo. Ngayon maari kang magpatuloy at takalin ang lahat ng uring iyan ng buhay na iyong inilalabas; iya'y nasa sa iyo. Ikaw ay magbabayad para riyan sa dako roon. Ngunit kapag ikaw ay napadaan sa alak at Langis na iyan, iwan mo Itong mag-isa!" Oh, naku! Kung magagawa ninyo, kung inyong. . .

329 Sa ibang mga salita, tulad nito, “Kung mahuli mo ang ilan sa Aking mumunting Kawan, na puspos ng Aking Langis at alak, kita mo, alak at Langis ng purong Salita, kita mo, at iyo silang papatayin. Pagka’t, ikaw, ginagawa mo iyan. Iyan ang iyong ginagawa. Huwag mo silang pupuwersahin upang magsabi ng anumang ‘Aba Ginoong Maria,’ o gumawa ng anumang bagay tulad niyan, o ilan sa iyong mga kredito. Ilayo mo ang iyong mga kamay sa kanila. Alam nila kung saan sila pupunta, sapagka’t sila ay nabasbasan ng Aking Langis. At sa pamamagitan ng pagiging nabasbasan ng Aking Langis, mayroong silang alak ng kagalakan, pagka’t alam nila ang Aking Salita ng pangako, ‘Akin silang ibabangon muli.’ Huwag mong sasaktan Iyan! Huwag mong tatangkaing guluhin sila. Pagka’t, basta’t manatiling malayo mula Riyan. Hindi.” Lahat . . .

330 Pinagtibay Niya ang Kaniyang Salita at dinala Ito papasok. Alam nila. Nalalaman nilang sila’y babangon muli. Oh, gaano ko ninanais iyan! Whew! Sila’y magbabangon muli. Heto dumarating ang maitim na kabayo, tumatakbo ngayon, mga kapanahunang madidilim.

331 Doon nagtungo ang maputing kabayo; nakita natin ang kaniyang nagawa, ng tumpak na tumpak. Heto dumarating ang mapulang kabayo; nakita natin nang tamang-tama kung anong kaniyang nagawa. Heto dumarating ang maitim na kabayo. Kita n’yo, s’ya ay siya ring mangangabayo sa lahat ng panahon, anong kaniyang ginagawa, mismo sa pagpapatuloy ng mga kapanahunan.

332 Ngayon natuklasan natin, tinakal niya iyan at nagpapabayad para riyan, eksakto: trigo, natural, natural na buhay. Iyan ang ikinabubuhay nila.

333 Ngunit, isinasagisag; Espiritu, Langis; at kagalakan ng alak. “Iyang Espirituwal na buhay, huwag mong sasaktan Iyan. Iwan mo Iyang mag-isa!” Kung hindi, “Roma, huwag mong gagalawin Iyan! Iya’y Akin! Iyan ay para sa Akin!”

334 Ngayon ako’y mayroong ibang bagay rito na nais kong mabatid n’yo. Pansinin, iyan ay hindi isa sa mga apat na Hayop na nagsabing, “Huwag mong sasaktan ang Langis at ang alak.” Napansin n’yo ba iyan? Ang apat na Hayop ay nagsasalita, ngunit. . . Masdan, hayaan n’yo lamang akong bumasa rito, kaunti lamang, kita n’yo, ngayon.

. . . takal, isang denario, para sa isang—para sa isang . . . trigo para sa isang denario at tatlong takal ng sebada para sa isang denario; at tingnan na huwag mong sasaktan ang alak at . . . langis.

335 Ngayon makinig dito.

At ako—at ako’y nakarinig ng isang tinig sa kalagitnaan ng apat na nilalang na buhay. . .

336 Ano Iyan? Ang Cordero! Amen! Iyan ay hindi ang apat na Hayop. Sinabi iyan ng Cordero. Bakit? Kukunin Niya ang Kaniyang Pag-aari. Iyan ay para sa Kaniya. Tinubos Niya iyan. Kita n'yo? Amen! "Huwag mong gagalawin ang Langis na iyan!" Hindi, ginoo. Hindi ang apat na Hayop, kundi ang Cordero ang Siyang nagsabi niyan. At, oh, naku! Ang Cordero! Hindi... Ito ay hindi inanunsiyo ng apat na Hayop. Sinabi ng Cordero, Siya mismo.

337 Nang sabihin ng apat na Hayop, "Halika at tingnan," at sila'y pumunta, at nakita nila iyan na ganiyan.

338 At sabi Niya, "Isang takal na trigo sa isang denario, at para sa tak-... at kasindami tulad *nito*, at napakaraming sebada." Ngunit pagkatapos ang Cordero ay nagsalita, mismo kasama nila, sabi, "Ngunit huwag sasaktan ang alak at Langis!" Uh-huh. Iya'y tama. Oh, naku! Makinig doon, "Huwag mong sasaktan Iyan, naku, o magbabayad ka para diyan balang araw." Oh, naku!

Ika-siyam at tatlung minuto.

339 Buweno, sa pinakamabuti kong pang-unawa, at ang pinakamabuting nalalaman ko, at sa lahat ng pinaniniwalaan ko sa aking puso, iyan ang tunay na kahulugan ng tatlong Tatak na iyon. Nais kong pasalamatang ang Diyos para roon. At sasabihin ko ito, na, ito'y ang kapahayagan na Kaniyang ibinigay sa akin. Ibinigay Niya ito sa akin, ang Kapahayagan Niyan. At ako'y naniniwala na tayo'y nabubuhay sa mga buling araw.

340 Bukas ng gabi kukunin natin iyang mangangabayo ng maputlang kabayo. At ngayon ay hindi ko alam. Hindi ko alam. Alam ng Diyos na iya'y totoo. Wala akong alam ni isang bagay tungkol doon. Wala.

341 Tiningnan ko ang aking lumang pangkahulugan na mayroon ako mga taon na ang nakalilipas. Nakita ko si Kapatid na Graham Snelling kani-kanina; marahil ay lumabas siya. Ngunit, naalala ko noong ako'y nangangaral dito, noong una. Tiningnan ko kung ano ang sinabi ko mga taon na ang nakalilipas. Isang araw ako'y dumako sa pagtalakay ng Aklat ng mga Kapahayagan, pinagsabay-sabay ko ang lahat ng apat na mga mangangabayo.

342 Sabi ko, "Ang maputing kabayo, iyan ang sinaunang iglesya, walang alinlangan." Nabasa ko iyan mula sa aklat ng mga Adventista. At may nabasa ako roon. Ang sabi ko, "Iyan ang sinaunang iglesya na tumungo, nananakop." At ang sumunod ay ang maitim na kabayo, sinabi kong... nakalimutan ko na ngayon ang itinawag ko sa maitim na kabayong iyan. Ang sabi ko...

343 O, "Ang mapulang kabayo," pala, sinabi kong, "ang kabayong iyan ay tiyak nangangahulugan na—na ang kaguluhan

ay nasa daanan, at iyan ay mangangahulugan ng maraming mga digmaang darating, o anong bagay tulad niyan.” Ang sabi ko, “Malamang magkakaroon ng maraming mga digmaan.” Ang sabi ko, “Iyan nga ang mangyayari.” At pagkatapos ang sabi ko, “Ang—ang maputlang kab- . . .”

³⁴⁴ O, “Ang—ang maitim na kabayo,” sabi ko, “iyan—iyan ay nangangahulugan na—na marahil may darating na isang madilim na panahon sa daigdig, na kung saan ang lahat ng mga bituin ay—ay titigil sa pagningning; ang araw ay bababa, at hindi na ibibigay ng buwan ang kaniyang liwanag.” Ang sabi ko, “Iyan siguro ang ibig sabihin niyan.”

³⁴⁵ Sabi ko, “Ang maputlang kabayo, iyan ay nangangahulugang maraming mga karamdaman ang darating.” Ngayon, hindi ko alam kung anong ibig sabihin niyan. Ngunit, iya’y, iyan ang pagpapaliwanag ko nito noon, pagka’t sadyang kinuha ko iyan sa abot ng makakaya ko, sa pagtayo rito sa pulpito.

³⁴⁶ Ngunit, oh, halos ako’y may nasabi na! O sige. Hum! Oh! Inyong—makikita ninyo. Magmasid lamang, kita n’yo.

³⁴⁷ Ngayon, oh, hindi ba tayo masaya para sa oras na ito na kinabubuhayan natin! [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Kapag nakita natin ang lahat ng bagay na ito na dumarating, palagay ko:

Ang mga bansa’y nawawasak, ang Israel ay nagigising,
Ang mga tandang inihula ng mga propeta;
Ang mga araw ng Gentil ay bilang na,
Na kaakibat ng mga takot;
“Magbalik, O nangahiwalay, tungo sa inyong pag-aari.”

Ang araw ng katubusan ay malapit na,

Ang puso ng mga tao’y nanlulupaypay sa takot;
Maging puspos ng Espiritu, ang inyong mga ilawa’y pinag-igi at maliwanag,
Tumingala, katubusan mo’y malapit na, (Oh, naku!)

Mga bulaang propeta’y nagsisinungaling,
Katotohanan ng Diyos kanilang itinatangi,
Na si Jesus ang Cristo’y ating Diyos;

Pinaniniwalan n’yo ba Ito? [Kongregasyon nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

Ngunit tayo’y lalakad kung saan lumakad ang mga apostol.

Pagka’t ang araw ng katubusan ay malapit na,

Ang puso ng mga tao'y nanlulupaypay sa takot;
 Maging puspos ng Espiritu, ang inyong mga
 ilawa'y pinag-igi at maliwanag,
 Tumingala, katubusan mo'y malapit na!

³⁴⁸ Hindi ba iyan ay kamangha-mangha? [Kongregasyon nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Gusto ko iyan. Ang Katubusan ay malapit na.

At magiging Liwanag sa oras ng gabi,
 Ang daan tungo sa Kaluwalhatin ay tiyak na
 iyong matatagpuan;
 Sa daanan ng tubig, ay ang Liwanag sa araw
 na ito;
 Nalibing sa mahal na Pangalan ni Jesus.
 Bata at matanda, magsisi mula sa lahat ng
 inyong kasalanan,
 Ang Espiriti Santo ay tiyak na papasok;
 Ang Liwanag na panggabi ay dumating na,
 Ito ay isang katotohanan na ang Diyos at si
 Cristo'y lisa.

Siya ang Salita! Oh, naku! Kamangha-mangha!

Malapit nang kunin ng Cordero ang Kaniyang
 Nobya upang magpakailanma'y mapasa
 Kaniyang tabi,
 Lahat ng anghel ng Kalangita'y
 magkakatiyon;
 Oh, ito'y magiging isang maluwalhating
 tanawin, lahat ng mga banal sa walang
 dungis na kaputian;
 At kasama si Jesus sila'y magdiriwang
 Magpawalang Hanggan.

Oh, "Halika at kumain," ang tawag ng
 Panginoon, "Halika at kumain;"
 Oh, maari kang magdiwang sa mesa ni Jesus sa
 lahat ng panahon;
 Siya na nagpakain ng maraming tao, ginawang
 alak ang tubig,
 Sa mga nagugutom ay tumatawag ngayon,
 "Halika at kumain."

Oh, "Halika at kumain," ang tawag ng
 Panginoon, "Halika at kumain;" (Kumain
 sa Salita!)
 Maari kang magdiwang sa mesa ni Jesus sa
 lahat ng panahon;
 Siya na nagpakain ng maraming tao, ginawang
 alak ang tubig,
 Sa mga nagugutom ay tumatawag ngayon,
 "Halika at kumain."

349 Oh, naku! Gutom ba kayo? [Kongregasyon ay nagsaya—Pat.]
“Mapalad sila na nagugutom at nauuhaw para sa katuwiran.”


350 Mahal n’yo ba Siya? [Kongregasyon nagsabi ng,
“Amen.”—Pat.] Mahal n’yo ba siya? Ang tono para sa *Mahal
Ko Siya*, alam n’yo. Tayong lahat ay sadyang tumayo ngayon,
at itaas ang ating mga kamay, at ipahayag ang ating sarili sa
Kaniya. “Mahal ko Siya, Mahal ko Siya pagka’t una Niya akong
minahal.” O sige, lahat sabay-sabay ngayon.

Mahal ko Siya, Mahal ko Siya
Sapagka’t una Niya akong minahal
At binili ang aking kaligtasan
Sa puno ng Kalbaryo.

351 [Isang kapatid na lalaki ang nagsalita sa iba’t-ibang wika. Si
Kapatid na Branham ay tumigil panandali—Pat.] Maging tunay
na magalang. Mayroong tayong tagapagsalin dito, si Kapatid
na Higginbotham. Hindi ko alam kung siya’y narito ngayong
gabi, o wala. Nais nating malaman kung anong sinabi Niya sa
atin. Maghintay lamang sandali. Heto, heto. . . [Isang kapatid na
babae ang nagbigay ng interpretasyon.]

352 Tiyak, purihin ang Panginoon! Ang pananampalataya ko
ay naitaas sa Diyos. Inyo, mahal n’yo ba Siya, ngayong
gabi, ng buong puso n’yo? [Kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Oh,
purihin Siya, at sabihing, “Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus!”
[Kongregasyon ay nagpuri sa Diyos.]

353 Gaano Ka namin binibigyan ng papuri, ng buong puso
namin, Panginoon! Kaluwalhatian sa Diyos!

354 Bigyan lamang Siya ng papuri, lahat kayong mga tao.
Sumainyo ang Diyos! [Kongregasyon ay nagpapatuloy na
nagsasaya at nagpupuri sa Diyos—Pat.] 

ANG KAPAHAYAGAN NG PITONG TATAK
(The Revelation Of The Seven Seals)

Ang sampung Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham ay ipinangaral noong Marso 17 hanggang Marso 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., at *Ang Ikapitong Tatak* ay ipinagpatuloy noong Marso 25 sa Sherwood Motel. Dahil sa pagkaka-kalap ng mas malinaw at mas kumpletong orihinal na mga teyp, ang mga Mensaheng ito ay inayos muli batay sa pangkasalukuyang ayos. Bawat pagsisikap ay ginawa upang tamang-tamang mailipat ang berbal na Mensahe mula sa mga nakatalang magnetikong teyp tungo sa pahinang lathalain, at nalathala rito na walang bawas ng Voice of God Recordings.

Ang lahat ng karapatan sa aklat na ito ay reserbado. Ang aklat na ito ay hindi maaring ipagbili, ilathala muli, isalin tungo sa ibang mga wika, o gamitin para sa pangangilak ng mga pondo ng wala ang nasusulat na kapahintulutan ng William Branham Evangelistic Association.

TAGALOG

©1998 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org